

The Project Gutenberg eBook of Dating Pilipinas, by Sofronio G. Calderón

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Dating Pilipinas


Author: Sofronio G. Calderón

Release date: February 18, 2006 [EBook #17787]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> (This file was made using scans of public domain works from the University of Michigan Digital Libraries.)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK DATING PILIPINAS ***





DATING PILIPINAS

SINULAT NI

SOFRONIO G. CALDERÓN



MAYNILA:

IMPRESA, LIBRERÍA AT PAPELERÍA

ni J. Martínez

Daan Jolo bilg. 310.—Binundok.

1907.

DATING PILIPINAS

Sinulat ni

SOFRONIO G. CALDERÓN



MAYNILA

IMPRESA, LIBRERÍA AT PAPELERÍA

ni J. Martínez

Daan Jolo bilg. 310 at C. de la Barca, bilg. 263.—Binundok.

1907.

Ipinagbibili ang aklat na ito sa lahat ng aklatan dito sa Maynilà, at sa bahay nang sumulat, daang Lamayan, Bilg. 56, Sta. Ana.-Maynilà.

Kung pakyawan ay mura.

Ang aklat na ito ay itinatalaga ko sa aking anak na si Sofronio G. Calderón.

Tuntunin.

	Tudling
Paunawa	4
Unang Pangkat.	
Mğa Unang Tao Rito	6
Ikalawang Pangkat.	
Lahing Pilipino	12
Ikatlong Pangkat.	
Pagkakarito at Pinangalingan nğ Lahing Pilipino	16
Ikapat na Pangkat.	
Dating Pamamayan nğ mğa Tagarito	21
Icalimang Pangcat.	
Dating Pananamit at Kalinisan sa Katawan nğ mğa Tagarito	28
Icanim na Pangcat.	
Dating Kaugaliang Pinanununtunan sa mğa Kapaslanğan at Sigalutan	34
Ikapitong Pangcat.	
Wika	55
Icawalong Pangcat.	
Pagbasa't Pagsulat	60
Icasiam na Pangcat.	
Asal at Gawì	67
Icasampung Pangcat.	
Pagkakalakalan	70
Icalabing isang Pangcat.	
Sasakyang-Tubig	75
Icalabing dalawang Pangcat.	
Almás	78
Icalabing tatlong Pangcat.	
Dating Ugali Tungkol sa Pag-aasawa	80
Icalabing apat na Pangcat.	
Dating Kaugalian Tungkol sa Paghihinğalo, Paglilibing at Pagluluksa	89
Icalabing limang Pangcat.	
Dating Pagsamba't Pananampalataya nğ mğa Tagarito	100
Icalabing anim na Pangcat.	
Dating Pagsamba't Pananampalataya nğ mğa Tagarito (Karugtong)	107
Icalabing pitong Pangcat.	
Dating Pagsamba't Pananampalataya nğ mğa Tagarito (Karugtong)	113
Icalabing walong Pangcat.	
Isipan nğ Ibang mğa Tagarito Tungcol sa Pasimula nğ Sangkinapal	119

PAUNAWÁ.

Ang aklat na ito ay pinagtiyagaan kong sinulat upáng magíng tulong ko kahi't kaunti sa mğa di pa nakababatid nğ dating kasaysayan niring Lupang Tinubuan na nğayo'y halos nalilibing sa limot. Marahil ay di na isinasaloob nğ iba na linğunin pa ang nakaraan; nğuni't kung ating didilidilihin ay lubhang mahalaga, sapagka't ang nakaraan ang siya nating pinagbabakasan nğ nğayon sampu nğ hinaharap, siyang bumubuhay nğ mğa bagay na nangyayari, siyang kumakandili nğ ating alaala sa ating mğa kanunuan na ating pinagkautanğan nğ buhay at bala na, at sa madaling sabi ay siyang pinakasalamin nğ madlá sa pamumuhay, na dahil dito ay pinagsikapan nğ halos lahat nğ lupain ang pagsiyasat at pag-aaral nğ kanikanilang kasaysayan.

Sa kasaysayang ito ay di ko muna inilakip ang sa mğa taong gubat at ang sa kamorohan, sapagka't ang una ay di pa lubhang kilala ang wika sampú nang boong paraa't ayos nğ pamumuhay, saka kapua may kahabaang salaysayin lalong lalo na ang sa kamorohan na may kilala't sariling kasaysayang nainğatan; at dahil sa mğa dahilan ito ay minagaling kong unahin itong pinakamahalaga sa atin upáng huag lubhang humabà at tuloy makaya nğ lahat ang halaga, sapagka't kung papagsasabaysabayin ay mamabigatin nğ karamihan ang halaga sa kamahalan

Tuloy ipinaunawa ko na ang kasaysayang ito ay hinan̄go ko sa m̄ga aklat nina P. Chirino, P. Delgado, P. Colin, P. Placencia, Morga, Dr. P. de Tavera. Sa salaysay ni Pigafetta, sa m̄ga paaninao ni Dr. Rizal at kaonti sa m̄ga aklat nina Blair at Robertson at gayon din sa m̄ga kasaysayan ni Dr. Barrows at Comisionado Dean C. Worcester. Marahil din naman ay may kaunting kulang pa ito, dahil sa di ko pagkasumpong n̄ lahat ng kasaysayang kailan̄gan, n̄gunit inaasahan kong ito ang m̄ga pinakamahalaga.

Ipinauunawa ko rin na ang aking pagkasulat nito ay utang na loob ko sa aking amaing si G. Felipe G. Calderón, kay Mr. J.H. Lamb, at kay Dr. James B. Rodgers na nan̄gagkatiwala sa akin n̄ kanilang m̄ga aklat na nabangit ko sa unahan nito na n̄gayo'y mahirap man̄gasumpun̄gan.

Sofronio G. Calderón



Unang Pangkat.

M̄ga Unang Tao Rito.

Isa sa m̄ga lahing hangang n̄gayo'y nan̄gananahan dito sa m̄ga kapuluang Pilipinas ay ang m̄ga "Itim" ó "Ita", at sapagka't ayon sa kapaniwalaan ay siyang unang nan̄gamayan dito ay di n̄ga maliligtaan sa kasaysayan n̄ Pilipinas.

Ang dami, di umano, n̄ m̄ga ito ay may tatlong yuta at pawang nan̄gananahan sa m̄ga gubat at bundukin n̄ Bataan at Sambales at sa Silan̄ganang bundukin n̄ dakong hilaga n̄ Luzon na mula sa Cabo Engaño hangang Baler. May man̄gilan̄gilan ding nan̄gananahan sa m̄ga bundukin n̄ m̄ga lalawigang Rizal, Bulakan, Kapangpan̄gan Tarlak, Pangasinan, Ilokos Norte, Nueva Ecija at Abra. Gayon din sa m̄ga pangpan̄gin n̄ Rio Grande sa Kagayan at sa ilog Ablug sa lalawigan n̄ Kagayan at sa m̄ga dating comandancia n̄ Infanta at Príncipe na n̄gayo'y sakop n̄ lalawigan n̄ Tayabas. Bukod dito'y mayroon din sa m̄ga pulo n̄ Mindoro, Panay, Negros, Mindanaw at iba pa.

Palibhasa,t, nakapangkat-pankat ang lahing ito ay nagkaroon n̄ iba't ibang pan̄galan, na yaong m̄ga nasa Sambales lalong lalo na yaong m̄ga haluang dugo ay pinan̄ganlang *Abunlon*; yaong nan̄ga sa Morriones sa Tarlak ay *Aburlin*; ang ibang nan̄ga sa Kagayan, Isabela, Kapangpan̄gan Bulakan at Bataan ay *Ita*; ang ibang nan̄ga sa Isabela ay *Agtas*; ang ibang nan̄ga sa Nueva Ecija, Kapangpan̄gan, Sambales, Ilocos Sur, at Tarlac lalong lalo na yaong m̄ga haluang dugo ay *Balugas*; ang ibang nan̄ga sa Sambales ay *Bukiles* ang nan̄ga sa baybayin n̄ dagat Pacífico sa Hilaga n̄ Luzón ay *Dumagat*; at ang nan̄ga sa Baggaw sa Kagayan ay *Parames*.

Dahil sa pagkakapangkat-pangkat na ito at pagkakaroon n̄ iba't ibang pan̄galan ay pinagkaroonan n̄ iba't ibang isipan n̄ m̄ga mananasaysay, na anáng iba'y supling sa iba't ibang lahi n̄ m̄ga *itim* at anáng iba'y iisang lahi na napapangkat lamang n̄ angkan-angkan na sa akala ko'y itong hulé ang mapaniniwalaan.

Ang m̄ga taong ito ay nan̄gananahan pulupulutong na limalimangpu humigit kumulang at ang hitsura't anyo ay pandak na lilimang paa ang taas, maiitim baga man ang iba'i may kakuyumangihan, malalaki ang mata n̄ karamihan, kulot ang buhok at balbasin ang m̄ga lalaki, sarat ang ilong, makakapal ang labi at mabibilog ang ulo. Hindi nan̄gaggugupit n̄ buhok, malibang totoong mahaba na at kung gayon ay pinuputol n̄ itak ó sundang kung sakaling walang gunting. Ang ibang itim sa Bataan ay nagsisipagkoronita sa ulo na parang pare upang makasin̄gaw ang ipit, di umano, at yaong nan̄ga sa Sambales ay nagsisipag-ahit kung minsan n̄ kalahati n̄ ulo, na mula sa tuktok hangang sa batok.

Ang damit, n̄ m̄ga lalaki ay bahag lamang sa m̄ga balakang at ang sa m̄ga babae ay tapi na mula sa baywang hangang sa tuhod. Ang dinadamit ay kayo kung mayroon, datapua't karaniwa'y balat n̄ kahoy.

Ang karaniwang kagayakan ay sarisari. Gumagamit n̄ kawayang suklay na may gayak na pakpak na sarisaring kulay. Nagsisigamit din n̄ hikaw, bitones, pirapirasong salamin at iba pa na gaya rin nito. Ang m̄ga pinuno ay nagpapatulis n̄ n̄gipin sa harap, at halos lahat ay nan̄gagsisipagkudlit sa katawan n̄ sarisaring hitsura na ang m̄ga lalaki ay sa dibdib, sa likod at sa m̄ga bisig at ang m̄ga babae naman ay gayon, din bukod pa sa m̄ga harapan n̄ hita at sa iba pang dako n̄ katawan.

Ang lahing ito ay may ugaling magpabagobago ng tahanan, at sa ganito'y hindi nanagbabahay at ang karaniwang pahingahan ay ang paanan ng mga punong kahoy na kanilang pinagtitindigan ng balangkas na miski paano saka binubunngan ng kugon o ng miski anong dahon.

Sa pagkabuhay ay nanagabubuhay sa isda, lamang lupa, sa bigas (na nanagahasik ng palay sa dakong katahanan), at lalong lalo na sa mga hayop na kanilang nahuhuli o napapana, at di umano'y mga totoong maibiguin sa laman ng ungoy, saka nanagagsisikain ng ahas, palaka bubulí at iba pang hayop na di natin kinakain.

Páhiná 9

Ang sakbat na kagamitan ay sibat na kawayan o sanja kaya ng kahoy at, pana't busog na may lason na kanilang ginagamit sa ano mang lakad nila.

Mga totoong magiliwin sa tugtugin at ang kanilang mga instrumento ay buho't kawayan. May sarisaring sayaw sila, na tinatawag nilang sayaw kamote, sayaw pagong, sayaw paningibig sayaw pakikihamok at iba pa na may kahabaang saysayin dito kung papaano.

Sa pag-aasawa ay inuugali ang pagkakasunduan ng mga magulang saka ang bigay-kaya na gaya rin ng sa ibang lahing gubat. Tungkol sa pagdidiwan nito ay sarisari ayon sa iba't ibang angkan ng mga ito, nguni sa mga itim na nanja sa bundok ng Mariveles ay ganito di umano. Nagsisipagtago sa gubat ang babae at ang mga abay niya, saka hinahanap ng lalaki at ng mga abay naman nito hangan sa masumpungan. Pagkasumpung ay ipinagsasama ang babae sa dakong pagtatapusan ng pagdidiwan na tumutugtog ang lalaki ng gansa (na isang instrumento nila) sa harap ng babae at habang lumalakad ay sumasayaw: samantalang ang babae naman ay may takip na panyo sa ulo at mukha at lumalakad na payuko. Pagtigil ng tugtog ng lalaki ay hinahandugan ng mga kaibigan ang babae ng kanikanyang kaya. Pagkatapos ay lumalapit ang babae sa isang wari entablado na handa na kapagkaraka na may dalawang dipa ang taas at nililigid ng kanyang mga kamag-anak, saka tinatakbo at inaagaw ng lalaki na hinahawakan sa bisig at isinasampa sa itaas noong wari entablado na doon sila nauupong dalawa na magkaabrasete. Kung magkagayon ay sumasampa ang ilan sa kanilang mga kaibigan at kamag-anakan na nagsisipag-alay ng kanikanyang kaya, saka nanjananaog na kasama ang bagong mag-asawa. At pagkapañaog ay sinasalubong ng isang matandang lalaki at isang matandang babae na nanagagsisilagay marahil na pinaka-inaama at ini-ina at siyang nanagapapa-ala-ala ng kanilang payo sa bagong mag-asawang yaon.

Páhiná 10

Bagay sa kanilang kapanampalatayahan, di umano, ay wari ang pagsamba sa mga bagay ng katalagahan at sa mga kalulua, at ang mga matanda at ang mga namatay sa kanila ay lubhang ipinakagagalang.

Ang lahing ito ayon sa kapaniwalaan ay nanjanahan ditong malaong panahon hangang sa dinatnan ng lahing *malayo*.

Tungkol sa pagkakarito ng mga ito kung paano at saan nangangaling ay di masabi at hangan ngayon ay di pinagkakaisahan ng mga mananalaysay ang bagay na ito; sapagka't anang iba ay galing sa Aprika na nakapagpalipat-lipat sa pulo't pulo hangang Nueva Ginea at mula sa Nueva Ginea hangang dito, at anang mga bagong mananalaysay ay hindi, kun di ang mga ito'y kaibang lahi ng mga itim sa Aprika at talagang tagarito sa Kasilanjanan.

Páhiná 11



Ikalawang Pangkat.

Páhiná 12

Lahing Pilipino

Maliban sa mga *itim* ay pawang lahing *malayo* na ang nanjananahan dito na may halo marahil na kaonting *indonesiano*, at ngayo'y siyang mga kinikilalang pilipino.

Ang lahing ito ay nababahagi ngayon ng tatlong malaking bahagi: Una'y ang mga taong nagsipangubat na di napasaklaw sa kapangyarihan ng mga taga ibang lupain, ikalawa'y ang mga moro o kumikilala kay Mahoma at ikatlo'y ang mga nagsipagkristiano.

Ang tatlong bahaging ito ay paraparang napapangkat, ngayon ng lipilipi at angkan-angkan.

Ang unang bahagi, na sa mga taong gubat, ay lubhang marami ang pagkakapangkatpangkat; nguni't ang mga lubhang kilala ay ang Igorot Ilongot, Tingian, Gaddan at Kalinga dito sa Luzon, ang Tiruray sa Mindanaw at ang Tagbanua sa Palawan. Ang pagkakapangkatpangkat ng mga taong ito ay pinagkaroonan ng iba't ibang isipan ng mga tanyag na mananalaysay. Anang Profesor Blumentrit, sukat dito sa kalusonan at kabisayaan ay napapangkat ang mga ito ng tatlong pu't anim na lipi baga man kalakip na pati nang sa mga itim, at anang mga mananalaysay na Jesuita ay dadalawang pu't anim, at sa bilang na ito ay may binangit pa ang mga Jesuita na di

Páhiná 13

ibinibilang n̄ng Profesor Blumentrit sa kanyang salaysay na gaya rin n̄ng Profesor Blumentrit tungkol sa binangit n̄ng m̄nga Jesuita: ano pa't kung idadagdag ang m̄nga binangit n̄ng m̄nga Jesuita na di naibilang n̄ng Profesor Blumentrit sa kanyang pagkatala ay hihigit pa n̄nga sa tatlong pu't anim na bilang niya. N̄nguni't hindi lamang ito, kundi dumating dito ang m̄nga Americano at pinagsikapan ding masiyasat itong iba't ibang liping nagsisipangubat, na sa m̄nga sumiyasat at nakakita n̄ng m̄nga ito ay di maliligtaan sina Dr. Barrows, Comicionado Dean C. Worcester, John C. Foreman. Dr. M.L. Miller, Capitan Charles E. Nathorst, at Capitan Samuel D. Crawford at di rin nan̄ngagkaiisa n̄ng isipan bagay sa m̄nga liping ito; sapagca't ani Dr. Barrows ay tatatlo ang liping malayo rito at kung bagá man anya't marami ay angkan lamang n̄ng tatlong ito ang iba, samantala namang ang sa Comicionado Dean C. Worcester ay anim ang liping malayong narito at anáng iba ay isang gayon: ano pa at iba't iba. Kung alin ang matuid sa m̄nga salaysay noong m̄nga una sampu nitong m̄nga huli ay di natin masabi at hangang n̄ngayon ay di pa lubos na kilala ang boong paraa't ayos n̄ng pamumuhay niyang m̄nga taong gubat na nabangit бага man masasapantahang di lubhang magkakaiiba,

Páhiná 14

Ang ikalawang bahagi na sa m̄nga moro, ay gaya rin n̄ng sa m̄nga taong gubat na napapangkat n̄ng lipilipi at angkan-angkan, na ang iba'y sa Dabaw, ang iba,y sa Samboanga, ang iba'y sa Kottabato at ang iba'y sa iba't ibang dako n̄ng Hulo't Mindanaw na pawang may kanikanyang n̄ngalan. Ang m̄nga ito ang may lalong malinaw na kasaysayan kay sa lahat n̄ng lipi rito sa Pilipinas, dahil marahil sa maagang pagkasulong nila sa katalinuang pakamahometano at pagkapagingat nila n̄ng kanilang m̄nga alamat at m̄nga alaala n̄ng dating pamumuhay n̄ng kanilang m̄nga kanunuan. Tungkol dito ay di dapat ligtaang basahin ang salaysay ni Naajeb M. Saleeby sa kanyang aklat na kasusulat pa lamang.

Ang ikatlong bahagi, na sa m̄nga nagsipagkristiano at siyang m̄nga liping tinutukoy ko sa kasaysayang ito ay masasabi nating may walong lipi ang dami na dili iba't itong m̄nga sumusunod: Ang *Bisaya*, na m̄nga taong nan̄ngananahan sa maraming m̄nga pulong napapagitan sa Luzón at Mindanaw, sa makatuid baga'y sa m̄nga puló n̄ng Panay, Negros, Leyte, Samar at ibapa; ang *Tagalog*, na nan̄ngananahan sa kalagitnaan n̄ng Luzon at nakakalat sa m̄nga lalawigan n̄ng, Maynila, Batan̄gan, Kabite, Laguna, Bulakan, Bataan, Nueva, Ecija at iba pa; ang *Kapangpan̄gan* at *Pangasinan* na nan̄ngakakalat sa m̄nga kapatagan n̄ng kahilagaan nitong Luzon; ang *Ilokano*, na nan̄ngananahan sa may dakong kalagitnaan n̄ng hilaga't kanluran nitong Luzon; ang *Kagayan* na nan̄ngagsasalita n̄ng wikang Ibanag at nan̄ngananahan din sa Kagayan; ang Bikol na nan̄ngananahan sa Kamarines at sa m̄nga lalawigan n̄ng Sorsogon; at ang *Sambal* na nan̄ngananahan din sa Sambales. Dito'y di na kabilang ang ibang lipi na nan̄nga sa Nueva Viskaya, sa pulo n̄ng Batanes at Kalamianes dahil sa kaliliitan.

Páhiná 15



Ikatlong Pangkat.

Páhiná 16

Ang Pagkaparito at Pinangalin̄gan n̄ng Lahing Pilipino.

N̄ngayon n̄ngang batid na natin ang dinamidami nitong m̄nga lipilipi at angkan-angkang nan̄ngananahan dito na pawang kinikilalang pilipino ay di natin maliligtaan na di maitanong kahi't sa sarili kung ang m̄nga ito ay katutubo rito ó kung bakit nan̄ngaparito at saan nan̄ngangaling.

Sa pagkakatatutubo rito, n̄ng m̄nga taong ito anang man̄nga mananalaysay ay hindi at bago pa n̄nga mandin ang m̄nga ito ay ang m̄nga *ita* muna ang nan̄ngananahan dito; sapagka't di n̄nga naman mangyayari na ang isang lahing mahina na gaya n̄ng m̄nga ita ay mahuli pa isang lahing may kaonting kalakasan. N̄nguni't mula pa sa kaunaunahang dako hangang sa panahong ito ay hindi kaila na ang tao ay laging nagsikap n̄ng ikabubuti't ikagiginhawa n̄ng sarili na kung di n̄nga masiyahan sa kanyang bayan ay dumadayo sa iba; kaya't hangang n̄ngayon ay may m̄nga taong gubat na nagpapabuhatbuhat n̄ng tahanan dahil sa paghanap n̄ng lalo't lalong mabuting lupa ó n̄ng dakong lalong maginhawa sa kanyang pamumuhay, at maging sa m̄nga matalinong bayan man ay gayon din, at nariyan ang Australia na pinamamayanan n̄ng m̄nga Ingles:—at—ang m̄nga lupang Pilipinas, na halos lahat n̄ng pulo't lalawigan ay sagana sa m̄nga halama't pananim, sa m̄nga kayamanan at sa balang ikabubuhay,—ay di mapagtatakhang pamayanan n̄ng lahing ito.

Páhiná 17

Kung paano ang pagkapasimula n̄ng pagkakaparito n̄ng m̄nga ito ay di natin masabi at walang aklat na makapagpatotoo, datapua't ang m̄nga pagkakaganiganito n̄ng m̄nga tao noong unang dako, na nan̄ngapapalipat sa ibang m̄nga pulo't lupain ay di kaila sa m̄nga kasaysayan, at nariyan ang m̄nga aklat nina Ratztel, Ellis, John Dunmore at ibp. Noon n̄ngang una na di pa lubhang kilala ang katalinuan sa pagdadagat at wala pang kagamitan, kungdi ang m̄nga sasakyang may layag lamang ay madalas nangyayari sa m̄nga magdadagat na kung totoong nan̄ngapapalaot sa dagat at inaabot n̄ng pagbabago n̄ng han̄gin ay nan̄ngapapaligaw hangang sa másadsad sa ibang lupain, at man̄ngyare, kung hindi na man̄ngakabalik at kabubuhayan naman ang lupaing kinasadsaran ay natutuluyan n̄ng doon mamayan, ó kung sakali mang nan̄ngakabalik at sa ganang kanila ay lalong maginhawa ang

lupaing kinasadsaran nila kay sa lupa nilang tinubuan ay nangyayari ring pinagbabalikan at nag-aanyaya pa n̄g kanilang m̄ga kamag-anak at kakilala. Ito n̄ga ang matuid na masasapantaha natin, na dahil n̄g ikinaparito n̄g m̄ga taong ito, at dito'y di natin maliligtaang di bangitin na pinakahalimbawa ang sali't saling sabi n̄g m̄ga Tagakaola at m̄ga Bagobo sa Mindanaw na anila'y sadsad lamang sila sa lupaing kinatatahanan nila n̄gayon at ang kanilang pinangalin̄gan ay isang lupaing malayang malayo. Hindi ko na bangitin ang lubhang maraming m̄ga pangyayaring ganito sa iba't ibang lupain at totoong makapal.

Bagay naman sa pinangalin̄gan ay masasabi nating wala n̄g iba kundi ang m̄ga kalapit lupain. At dito naman sa m̄ga kalapit lupain ay wala n̄g ibang masasapantaha, liban sa m̄ga lupang nasa dakong timog, na dili iba't ang kamalayahan dahil sa siyang m̄ga tan̄ging bayan na kahud sa kulay tikas at anyo, kakapatid sa wika at kaayon sa halos lahat n̄g ayos at paraan n̄g pamumuhay n̄g m̄ga Tagarito. Saká anang m̄ga mananalaysay, siyang sali't saling sabi n̄g m̄ga tao rito, na ang m̄ga nabangit na lupain ang pinangalin̄gan n̄g m̄ga kanunuan nila. At bagay rito ay may salaysay si P. Colin na anya'y: "May isang taga Kapangpan̄gang nakarating sa Sumatra (isang lupaing malaya) at sumapit sa isang dako na kanyang kinaringan n̄g kanyang sariling wika at siya'y nakisagót na parang siya'y ipinan̄ganak sa dakong yaon, anopa't tuloy sinabi sa kanya n̄g isang matanda na kayo'y m̄ga inapó n̄g m̄ga nagsialis dito noong unang dako na nan̄gamayan sa ibang lupain at di na namin nan̄gabalitaan."

N̄guni't may isang bagay na hindi lahat n̄g tao rito ay Kapangpan̄gan ó Tagalog mang ó Bisaya kaya, kung di may taong gubat at may taong bayan, may Igorot at may Tingian, may Tagalog at may Bisaya at marami pa.

Ang kadahilanan nito, sa akalà ko, ay sanghî sa pagkakapangkat pangkat n̄g m̄ga bayan malayo (ó lahing pinangalin̄gan n̄g m̄ga Tagarito) saká ang pagkakapangkat pangkat pa uli rito.

Kung ating n̄gang lilingunin at lilingin ang kamalayahan na pinangalin̄gan n̄g m̄ga Tagarito ay matatanto nating unauna na doo'y may kinikilalang tatlong uri n̄g tao na dili iba't ang *orang benúa* (ó taong gubat), ang *orang-laut* (ó taong dagat) at, ang *orang-malayo* (ó taong bayan). Sa una na *orang-benúa* ay masasapantaha na siyang pinangalin̄gan n̄g ating m̄ga taong gubat, na dili iba't siyang sapantaha n̄g m̄ga kilalang mananalaysay n̄gayon. At ito'y mapaniniwalaan dahil sa pagkakaparis n̄g pamumuhay n̄g m̄ga ito sa pamumuhay n̄g m̄ga iyon: maliban marahil ang iba nitó, na gaya n̄g Tingian at iba na sa akala ko'y kauri rin n̄g m̄ga lahi ritong kristiano n̄gayon na nagsipangubat lamang dahil sa pag-ibig marahil na manatili sa kanilang kalayaan at sa ganito'y náurong sa pagsulong sa katalinuan.

Tungkol sa *orang-laut* at *orang malayo* ay di mapagtatakhang siyang pinagmulan n̄g m̄ga taong bayan dito ayon sa kanilang ayos at paraan nag pamumuhay.

Bukod dito ay dapat ding tantoin na ang kamalayahan (maging taong-gubat ó taong dagat ó taong bayan) baga man supling sa isang lahi (sa lahing Mongol anáng m̄ga mananalaysay) ay pangkat pangkat din, dahil sa nan̄gamamayan hiwahiwalay sa pulo't pulo, na ang iba'y sa Sumatra, ang iba'y sa Java, ang iba'y sa Celebes at ang iba'y sa iba't ibang pulo, bukod pa sa nan̄gatira sa kapatagan n̄g Malaka, at man̄gyare—sa pagkakapulopulo at pagkakahiwahiwalay na ito ay nagkaiba't iba n̄g kaonti at sapagka't ang m̄ga Tagarito, sa akala ko, ay hindi galing sa iisang angkan n̄g m̄ga yaon, kundi sa iba't iba ay kaya naman iba't iba rin ang m̄ga lipi rito, bukod pa n̄ga sa dito ma'y nagkapulopulo at nagkahiwiwalay pa uli.

Tungkol sa m̄ga moro sa Magindanaw ay masasapantahang siyang m̄ga huling naparito at ayon sa kapaniwalaan n̄gayon ay siyang m̄ga kasabay ó kasunod n̄g m̄ga taga malayang nagsipamayan sa Borneo noong dakong 1400.



Ikaapat na Pangkat.

Dating Pamamayan ng m̄ga Tagarito

Bago nagpuno ang m̄ga taga Europa dito sa Kapuluang Pilipinas, ay may sarili n̄g paraa't ayos n̄g pamumuno ang m̄ga tagarito. Ang paraa't, ayos n̄g pamunuang ito ay di kagaya n̄g sa iba't ibang lupain na may isang dakilang puno ó pan̄gulo na kinikilala, kundi sa bawa't pulo at lalawigan ay maraming pan̄gulong may kanikanyang kampon at sakop na nayon-nayon at lipi-lipi, [1] anopa,t, kaparis din n̄g pamunuan sa España bago nan̄gagpaka-pan̄ginoón doon ang m̄ga Romano't Godo.

Ang bawa't pangkat n̄g pamahalaan ay tinatawag na isang *balan̄gay*. Itong salitang balan̄gay ay pan̄galan n̄g sasakyang-dagat na di umano'y siyang nilulanan n̄g m̄ga taga Malaya sa pagparito, (basahin ang pangkat na sasakyan) at ang dami n̄g m̄ga taong sakáy sa bawa't isa nito

ay tinatawag na isang balanġay na dili iba't siyang nátatag na isang pamahalaan. At sapagka't may malalaki't maliliit na sasakyán ay nagkamalalaki't maliliit namang balanġay ó pámahalaan.

Ang bilang nġ mġa tao sa pinakamunting balanġay ay limang pú at sa pinakamalaki ay umáabot nġ hangang pitong libo.

Ang ibang mġa balanġay ay magkakasundô at hangang sa naglalakip-lakip^[2] upang kung salakayin nġ mġa kaaway ay huwag masupil; nġuni't ang pagkakalakip na ito ay sanhi nġ pagkakasunduan at hindi nġ pagsasáilaliman nġ isa't isá; ano pa nga't bawa't balanġay ay may kanya ring sariling panġulo, liban na sa panahon nġ digma na pumipili nġ isang manġunġulo sa kanilang lahat.

Ang panġalan nġ panġulo sa bawa't balanġay ay *Dato* na ang kahulugán sa wikang Malaya (ani Dr. de Tavera) ay nuno ó lelong: ano pa nġa't dito'y ating mapagninilay na ang ayos sa pámunuan ay isang pamumuno sa gulanġan. Itong tawag na *Dato* na panġulo ay nanánatili pa hanga nġayón sa Holó't Mindanaw. Ang panġulo namang nagpupuno sa samasamang balanġay ay nagkakapamagát nġ *Laca ó Raja ó Ladya ó Radja*. Mula nġ lumitaw ang *mahomatismo* (pananalig kay Mahoma) ay ginamit ang salitang *sultán*. Di umano'y may nagpápamagat, din nġ *Hari* na siyang dating kapanġalanán sa mġa dakilang pinuno sa India, at ang kahulugan sa sanskrito, ani Dr. de Tavera ay Brahma, araw, Vishnu.

Páhiná 23

Ang pamumuno nġ panġulo ay paratihan ó sa tanáng buhay. At ang pagkapuno't pagkamáginoo ay minamana nġ anák at kung sakaling wala, ay mġa kapatid ó kamag-anak na malapit ang humahalili. Ang tungkulin nġ mġa ito ay pagpunuan ang kanikanyang sakop at kampon at tuloy linġapin ang kanikanilang usapín at kailanġan; at ang sabihin namán nġ mġa ito ay iginagalang at ginaganap nġ kanikanyang sakop na mġa tao. Iginagalang din ang mġa kamag-anak at inapó nġ mġa puno, na kung бага ma't hindi nakapagmana nġ pagkapuno ay pawang ibinibilang namáng taong-mahal at ipinakatatanġi sa mġa taong karaniwan. Kung paano, ang kamahala't pagkamaginoo nġ mġa lalaki ay gayon din ang sa mġa babae^[3].

Sa mġa balanġay na nabangit ay may tatlong kalagayan nġ tao: Una'y ang mġa mahal na pinamamagatang *Maginoo ó Ginoo*; ikalawa'y ang mġa nakaririwasa na pinamamagatang *timawa* (ó payapa) at anáng ibang mġa mananalaysay ay *maharlika*; ang pamagat, na sa wikang Malayo ani Dr. Tavera ay *laya* ang ibig sabihin; at ikatlo'y ang mġa alipin na sa Bisaya'y *oripun*.

Páhiná 24

Ani Colín, ang mġa lalaking may mahal na uri ó mġa *maginoo* ay nagpapamagat din nġ *Gat ó Lakan*, gaya nġ *Gat Maitan*, *Lakán Dula* at iba pa at sa mġa babae nama'y *Dayang* gaya nġ *Dayang Mati*. Anang iba'y naging karaniwang kasambitan din ang ating kinaugalian pa hangang nġayong *mama* (amain) ó *mang* sa mġa lalaki at ang *ale* sa mġa babae.

Sumusunod sa uring ito ang mġa *timawa* (payapa) ó *maharlika* (laya). Ang mġa ito'y tanġi sa ibang uri na walang sinasailaliman libang sa kanilang Dato ó panġulo. Hindi rin nanġagsisibayad nġ buwis at ang paglilingkod na ginagawa nġ mġa ito ay ang tungkol lamang sa naayon sa *ugali*. Itong *ugaling* tungkulin nila, ay ang sumunod sa utos nġ panġulo ó puno sa panahon nġ digma: kaya't ang mġa ito ang siyang nanġagsisibuo nġ kawal ó hukbo nġ balanġay at sa ganito'y may pamagat na *kabalanġay*. Bukod dito ay tungkulin din nila ang tumulong sa panġulo ó Dato kung panahong nagbubukid ó umaani at gayon din sa pagtatayo nġ bahay, sa pag-gaod sa sasakyan niya kung sakaling naglalayag nġuni't sila'y pawang pakain sa loob nġ boong panahong kanilang ipinaglilingkod.

Páhiná 25

Ang sumusunod sa nanġabangit ay ang mġa *alipin*, na sa Bisaya'y *oripun*, at mġa ito'y may dalawang kalagayan nġ pagka-alipin: ang *aliping namamahay* at ang *aliping sagigilir*; itong hulí sa Bisaya'y tinatawag na *nġalon*.

Ang *aliping namamahay* ay pinagbibigyan pakundanġan. Ito'y may bahay na sarili; kaya't may pamagat na *namamahay*, at sa panahong kinakailanġan lamang naglilingkod sa panġinoon, at ang paglilingkod na ito ay sa pagbubukid at pag-aani nġ kanyang panġinoon, at gayon din sa sasakyan kung sakaling naglalayag. Kailanġan din tumulong sa pagpapagawa nġ bahay nġ panġinoon at tuloy naglilingkod sa bahay nito kung sakaling may panauhin, ano pa nġa tungkulin nġ *aliping namamahay* ang maglilingkod sa panġinoon kailan ma't kakailanġanin; nġuni't natatanġi sa ibang alipin dahil sa may sariling bahay at saka hindi naipagbibili. Wala ring namang bayad sa paglilingkod, at sa madaling sabi ay siyang mġa tinatawag nating *kasamá, bataan, kampon, tao* at ipa pa. Nakalilipat din naman ang aliping ito sa kalagayang *timawa* ó *maharlika* kung nagbabayad sa kanyang panġinoón nġ katampatang halaga na ayon sa kaugalian.

Ang *aliping sagigilir* ó *nġalon* ay siyang tunay na alipin na ang iba'y sa tanang búhay at sa akala ko'y tinatawag na *sagigilir*, dahil sa di nakalálayo sa gilid ó paligid nġ panġinoon. Ang pagkakapagíng alipin nġ mġa ito ay dahil sa pagkukulang sa Dato ó pang-ulo, dahil sa pagdidigmaan, pakikipag-usapín at gayon din sa pag-utaanġan at ibp.

Páhiná 26

Ang mġa alipin ito ay siyang pinakamalaking yaman nġ mġa tagarito, dahil sa nákatulong silang malabis sa kanilang nġa bukira't hanap-buhay, at ang mġa ito'y naipagbibili't náipagpapalit nġ isang panġinoon sa ibang panġinoon, nġ isang bayan sa ibang bayan, nġ isang lalawigan sa ibang lalawigan at nġ isang pulo sa ibang pulo. Gayon man, ani Argerzola (sabi ni Rizal), ay hindi lubhang hamak ang pamumuhay nġ mġa alipin itó, dahil sa kasalong kumakain sa dulang nġ kanilang panġinoon at hangang sa naáaring mag-asawa sa kabahay nġ panġinoon, maliban na sa ilang masamang panġinoon, na saa't saan ma'y di nawawalá. Nġuni't ayon sa salaysay nġ ibá (wika rin ni Rizal) ay lumubha ang kalagayan nġ mġa aliping ito nang masakop nġ España ang mġa tagarito hangang sa ang iba'y nanġagpakamatay sa gutom at ang iba'y nanġagpakamatay sa

lason, at pinatay n̄ ibang iná ang kanilang anák sa panġanġanák (Basahin ang paaninaw ni Rizal sa dahong 295 n̄ aklat ni Morga).

Páhiná 27

Ang m̄a anák at inapó n̄ m̄a aliping itó, magíng *namamahay* at magíng *sagigilir* ay nagmamana n̄ kalagayan n̄ magulang, na siyang dating kaugalian sa halos lahat n̄ lupaing malayo. At ang pagkaalipin nitóng m̄a aliping *namamahay* at *sagigilir* ay sari-sari, dahil sa mayroong buô ang pagkaalipin, at mayroong kákalahati at mayroon namang ikapat na bahagi lamang. Ang dahil n̄ pagkakaganito ay mababasa sa pangkat n̄ kaugaliang pinanununtunan sa m̄a kapaslanġan at sigalutan.

[1]

Ang ganitong ayos n̄ pagkakahiwáhiwalay n̄ pámunuan dito ay minagaling ni Rizal. Anya'y kung napasa kapangyarihan n̄ isang katao lamang ang pámunuan dito nang panahong yaon at anomang bagay ay isásanguni sa isang lugar, ay magiging mabigát sa bayán-bayán, at sa akala ko rin, dahil sa nang panahong yaon ay wala pa ritong telepono, telegrama at m̄a kasangkapang nagagamit sa madaling pagsasangúnian.

[2]

Ani Rizal, ay di malayong ang ganitóng paglalakip ay malaon nang inúgali rito, at sa katunayan (anya'y) ang panġulo rito sa Maynilá ay pinakapanġulong *General*, n̄ sultán sa Bórneo; ayon sa patotoó n̄ m̄a kasulatan noong siglo XII.

[3]

Ani Rizal ay naáayon sa kautusán n̄ katalagahan (natureleza) ang pag-uugaling itó n̄ m̄a dating pilipino, na higit kay sa m̄a tagá Europa na nawawalán n̄ kamahalan ang babae kung nagsasawa sa mababa kay sa kanya, dahil sa isinasalalaki lamang ang kamahala't kababaan. Anya'y isang katunayan ito na ang m̄a babae n̄a rito'y pinagbibigyan na mula pa noong una.



Ikalimang Pangkat.

Páhiná 28

Dating Pananamit At kalinisan sa katawán n̄ m̄a tagarito

Noóng unang dako ang m̄a tagarito ay magkakaibá n̄ pananamit; na anó pa,t, sa Luzón ay iba sa Bisaya'y iba at gayon din sa ibang dako.

Ang pagkakáganitó marahil ay sapagka't galing sa iba't ibang dako n̄ Kamalayahan ang m̄a tagarito at inugali n̄ isa't isa ang pananamit sa kanikanyang bayang pinangalinġan.

Dito sa Luzón (sa ilang lalawigan marahil) ay nananamit ang m̄a lalaki n̄ *kanyan* (barong *azul*) na lagpas n̄ kaunti sa baywang, isinasara sa harap, walang liig at maikli ang manġás; n̄guni't may nagsusuot din n̄ kulay itim. Ang sa m̄a maginoo'y kulay-pulá at sa India pa nangagaling. Bukod dito'y nagbibigkis sa baywang n̄ isang kumot na tulóy ibinabahag; ang hita'y litaw, ang m̄a paa'y walang suót at ang ulo'y walang takip maliban sa isang makitid na panyo na mahigpit na itinali sa noó at kimót-kimutan na pinanġanġanlang *potong* ó *putong*. Ang *putong* na ito ay iniiikid n̄ sari-saring paraan, na kung minsa'y wari *turbante* n̄ m̄a *moro* na walang *bunete*, at kung minsan nama'y nakapulupot na parang kubóng n̄ *sumbrero*. Ang nagmámatapáng ay naglálawit, n̄ m̄a dulo n̄ panyóng ito na pinaábót hangang sa batok. Sa kulay nang panyo ay napagkikilala ang pagkapuno, dahil sa siyang ginagamit na pinakasagisag sampu sa kanilang pakay at kataasan. Ang síno mang hindi pa nakakapatay (marahil sa digmá), n̄ isa man lamang, ay hindi tinútutulang gumamit ng *putong* na pulá at kaya't makagamit n̄ ikid ó pugong na parang *corona*, ay kung nakápatáy na n̄ pitó. Ang pinakadagdág na kasuutan ay isang mainam na nakukulayang kumot na isinasalabat sa balikat, saka ibinubuhol sa may ibaba n̄ bisig, at ang káyong dinaramit ay sutla't babarahin. Bagay naman sa paghihiyas ay nanġagkúkuwintás n̄ tinanikalang ginto na iniikid sa liig at ang pagkakákawing-kawíng ay gaya n̄ sa m̄a taga Europa; nanġagsusuót sa bisig at galang-galanġan n̄ kalombigas (pulsera) na gintong tinipi at may anyóng sarisari, na tuloy sinásaglitan n̄ mahahalagáng batóng kawigin at ágata, puti't bugháw ang m̄a pinakamahál. Anáng iba'y gumagamit din n̄ garing; at sa m̄a daliri naman ay nanġagsisingsing n̄ ginto't iba't ibang bató.

Páhiná 29

Sa ibang dako naman (sa katagalugan marahil) ay may kaibhán dahil sa nanġagbabaro at nanġagsasalawal ang m̄a lalaqui, at kung may pinaróroonan ó napasa sa simbahan (sa pagparoon lamang sa m̄a simbahan, sa akalá ko) ay nananamit n̄ isang kasuutang kulay itim na kung tawagi'y *sarampuli*. Ang kasuotang ito'y mahaba na abot hangang paa at ang mangas ay makipot na di umano'y isang kasuotang lubhang mahinhín. Kung isuot ito n̄ m̄a tagalog ay buo at parang sapot, na ano pa't sa ulo pinapagdaraan at isang kasuotang karaniwan. Ang m̄a babayi naman ay nanġagbabaro at nanġagsasaya, at kung may pinaróroonan (sa pagpa sa simbahan din

Páhiná 30

marahil) ay gumagamit ng isang pantakip sa ulo na abot hangang paa at kulay itim ang pinakapipiling kulay, saká nanġagtatapis; nguni't ito'y higit na inuugali sa katagaluga't kapanayan kay sa kabisayaan. Bukod dito'y nanġaglalagay sila sa buhok ng pusod na tangalin (postizo) na ang ipinang-aalalay ng lalaki't babae ay ipit na ginto ó pilak na may batóng *perlas* ó *diamante* sa pinakaulo, at kung hindi naglulugay ng buhók ang lalaki ay nagtatalí sa noo ng panyò na kung tawagi'i *purug* at ang mġa babae namán kung napasasadaan ay nanġagsasalakot na ang tawag sa Bisaya'y *sarok*.

Sa lalawigan nang Sambales, ang lalaki'y nag-aahit ng buhók sa harapán ng ulo at sa kaymotan ay nag-iiwan ng isang kumpól na luġáy na, ani Rizal, ang ayos na ito ng pagbubuhok sa Sambales at ang pananamit ng mġa taga Bisaya, ay nahahawig sa *kimono* Hapón, At ang mġa babae sa lalawigan itó ay nanġagbabaro ng sarisaring kulay at nanġagsasaya rin, at ang mġa may mahal na uri ay nanġagkukundiman, nanġagsusutla at nanġananamit ng iba't ibang káyo na pinamutihan ng ginto at ng sari-saring gayák na palawít; nanġagkukuwintas ng tinanikalang ginto, nanġagkakalombigas (pulsera) sa galang-galanġan, nanġaghihikaw sa tainġa ng makapal na tiping ginto at nanġagsisingsing sa daliri ng ginto rin at sari-saring hiyás.

Páhiná 31

Sa Katanduanes naman ay nanġagsasaya ang mġa babae ng ayon sa ugali ng mġa taga Bisaya, nanġagsisigamit ng mahahabang balabal, ang buhók ay pusód, na mainam ang pagkasuklay at sa noo'y may sintás na nababatikan ng ginto, na ang luwang ay dalawang dali. Sa bawá't tainġa ay nakahikaw ng tatlo, isa sa kaugalian ngayon at ang dalawa'y sa may dakong itaás na magkasunód: at marahil ay ang mġa ito rin an sinasabi ni P. Chirino na nagsisipaggayák ng kakatwa sa bukong-bukong.

Ang mġa taga Bisaya naman ay nanġaggugupit ng buhók na kagaya ng sa dating kaugalian sa España at nanġagpipinta sa katawan ng sari-saring anyò at kulay. Ang pagkakapinta'y mainam at bagay-bagay at anang iba'y hindi lamang katawan ang pinipintahan kundi pati ng baba't kilay. Ang paraan ng pagpipinta, bago gawín ay ginuguhitan muna ng manġanġatha ng akalang maáayo't mábabagay sa katawan at gayon din sa pagkalalaki ó pagkababae, saka pinipintahan. Ang panguhit na ginagamit ay kawayang parang *pinxel* na matulis ang dulo at siyang ipinangduduro hangang sa lumabas ang dugo, saca binubúdburan ng pulbós, ó kung dili ay usok ng sahing na maitim, na kailan ma'y di na manġunġupas. Hindi pinipintahang bigla ang boong katawan, kundi bahabahagi, at datiha'y hindi muna nagpipinta hangang hindi makapapamalas ng anomang katapanġan. Ang mġa bata'y hindi nagpipinta ng nguni't ang mġa babae ay nagpipinta ng Isang boong kamay at ng bahagi ng ikalawá. Dito sa pulo ng Luzón ay nanġagpipintá rin ang mġa taga Iloko, hindi lamang lubós na kagaya ng sa mġa taga Bisaya. Sa paghihiyás ay nanġaghihikaw ng malalaking hikaw na ginto at garing at nanġagkakalombigas; sa ulo'y nanġakakulubóng ng ukáng Wari *turbante* na may batíkbatík na ginto; nanġagbabaro ng makipot at mahaba na walang liig, at sa harapán isinasará. Hindi nanġagsasalawal, kundi bahág lamang na ibinibigkis sa harapán. Ang mġa babae'y may magagandang anyo't kilos, malilinis at, makikisig na lumakad; ang buhok ay maitím mahaba at nakapusód, nanġakatapi sa baywang ng kayóng sari-saring kulay at nanġakabaro ng walang liig; hindi nagsisipagsuot sa paa, nguni't, nanġaghiyas na nagsisipagkuwintas ng ginto, nagsisipaghikaw at nagsisipagkalombigas.

Páhiná 32

Bagay namán sa kalinisan, lalaki't babae at lalo na ang mġa máginoo, ay totoong malinis sa kanikanyang katawa't bihis; nanġagpapaitim na mainam ng buhók na nagsisipaggugo at nagsisipaglanġis ng língáng may pabanġó. Sa ngipin ay lubhang mainġat na lahat, na mula sa pagkabata ay pinapantay ng mġa bato't iba pang mġa kasangkapang pangkiskis at pinaiitim hangang sa tumanda, na tuloy sinasaglitan ng ginto at nililinis pagkakain at pagkakagising.

Páhiná 33

Bata't matanda ay naliligo sa mġa ilog at sa malaking bangbang na, ani Morga'y, kahi't sa anong oras, dahil sa di umano'y inaaring pinakamainam na kagamutan: kaya't pagkapanġanak (anyá) ng babaye ay agád naliligo at pati bata'y pinaliliguan din^[4]. At ani Colin, ang karaniwang oras na ipinaliligo ay sa pagkalubóg ng araw, pagkatapos ng gawain at sa pangagaling sa pakikipaglibing na naging kaugalian din sa Hapón. Saka kung naliligo ay mahinhing naúupo na inilúlubóg ang katawán hangang sa lalamunan na nanġagpapakainġat upang huwag maging tudláng ng matá nino man.

[4]

Ani Rizal, ay di lubhang mapaniniwalaan ito dahil sa pinakainġatan ng mġa tagarito ang maligo sa tanghali, pagkakain, pagká bagong kalilitaw ang sipon at pagka pinápanahón ang babaye at iba pa.



Ikaanim na Pangkat.

Páhiná 34

Kaugaliang pinanununtunan sa mġa Kapaslanġan at

Sigalutan.

Palibhasa't ang m̃ga Tagarito ay nañgamamayan at may m̃ga tatag na pamahalaan ó balañgay ay may m̃ga hukom at tuntunin ring pinanununtunan.

Itong m̃ga tuntuning pinanununtunan sa kanikanilang balañgay ay pawang alinsunod sa kanilang m̃ga alamat at kaugaliang kinagisnan^[5] na di binabago at mahigpit nilang tinatalima. Datapat di umano'y may m̃ga pañgulo rin namang nagsisipaglagda ñg m̃ga kautusan, saka itinatanyag sa bayánbayán nang isang mánanawag na pinañgañganlang *Biuhasan*. Sa pagtatanyag, di umano, ay nagdádála ñg isang batiñjaw na tinutugtog upáng mapag-alaman ñg m̃ga tao.

Ang m̃ga hukom sa m̃ga usapin nila ay ang kanikanilang pinakapangulo^[6] na kung minsa'y nagiisa at kung minsa'y kasama ñg isang datò sa balañgay ó ñg isang maginoo sa nayon: at ang pañgulo sa balañgay ay may sakdal na kapangyarihan na maaaring gumawa ñg ano man na walang sanguni sa iba, at sa ganito, ang magkulang sa kanya ay naparurusahan niya ñg kamatayan ó pagkaalipin ó pagbabayad kaya ñg isang gayon.

Ñgunit sa pagmumungkahian at m̃ga sigalot ñg magkakasambahay ó ñg magkakamag-anak ay karaniwang ang matatanda na lamang sa nayon ang pinagsasakdalan na siyang humuhusay at ganap na dinidinig naman ñg m̃ga may sigalot:

Sa pagpaparusa naman ay walang bilibid ó bilanguang gaya ñgayon, kundi ang kaugaliang parusa na inilalapat sa nagkasala ay ang pagbayarin ñg isang gayon ó alipinin kaya at kung totoong mabigat ay nilalapatan ñg parusang kamatayan. At upáng matanto ñg manbabasa ang m̃ga tuntunin sampú ñg m̃ga salang kinalalapatan ñg m̃ga parusang nábangit ay aking ihahanay dito sa sumusunod.



Sigalot ñg m̃ga pañgulo sa dalawang balañgay

Kung ang m̃ga pañgulo sa dalawang balañgay (na magkasundô marahil) ay magkaroon ñg ano mang sigalot ó usap ay pumipili sa ibang balañgay ñg isang pañgulo na mailalagay nilang pinakahukom upang humatol sa kanila ñg walang hilig; sa pagka't bagá man sa iba't ibang balañgay ay may iba't ibang tuntuning pinanununtunan ay halos magkakaayon di umano.^[7]

Pag-aasawa sa taga ibang balañgay.

Kung ang isang maharlika ó timawà, (maging lalaki maging babae) sa isang balañgay ay mag-asawa sa taga ibang balañgay ay hindi makalilipat sa balañgay na tinatahanan ñg magiging asawa, kungdi magbayad ñg isang gayong halaga na paratang ñg m̃ga datò. Ang paratang na ito ay mulá sa isang putol na gintò hangang tatlo ayon sa paratang ñg balangay, bukod pa ang isang paanyaya sa boong balañgay na aalisan. Kung ito'y hindi ganapin ay maaaring digmain ñg balañgay na aalisan ang balañgay na lilipatan, malibang pagkasunduan na ang m̃ga anák ñg mag-asawa ay hahatiin sa kanikanyang balañgay.

Katungkulan ñg m̃ga kampon sa isang balangay.

Ang sino mang kampon ay hindi bumabayad ñg buis, ñguni't napatutulong ñg pangulo sa kanyang m̃ga kailañgan, gaya sa pagtatayô ñg kanyang bahay ó sa kanyang pag-aani, sa pagbungkal ñg kanyang bukid, sa paggaod sa kanyang sasakyan at ibp.; ñguni't ayon sa salaysay ni Morga ay ibinubuis ñg m̃ga kampon ang kanilang naaani sa kanikanilang bukiran.



Sa Nakamatay.

Ang nakamatay n̄ isang alipin at humin̄gi n̄ tawad ay hindi pinarurusahan n̄ lubhang mabigat, kungdi pinapagbabayad lamang sa pan̄ginoon n̄ halagá n̄ aliping napatay saka hinahatulan n̄ hukom n̄ iba pang parusang kanyang magalin̄gin.

Ang nakamatay n̄ isang timaua ay kamatayan rin ang parusang inilalapat; n̄guni't kung humin̄gi n̄ tawad ay inuuurong ang gayong parusa at ipinaaalipin na lamang sa namatayan. Di umano'y kung sakaling salapi ang nagíng kahatulan ay kalahatí lamang ang ibinibigay sa namatayan at ang kahahatí ay sa hukom.

Datapua't ang nakamatay n̄ pangulo ó maginoo ay pinapatay n̄ walang patawad at ang m̄ga kaalam ay pawang inaalipin sampû n̄ kanilang m̄ga anák.

Paghuli sa magnanakaw.

Upang hulihin ang m̄ga magnanakaw ay tinatawag ang m̄ga pinaghihinalaan, at m̄ga pinapagsasalansan sa isang dako n̄ m̄ga balaba n̄ dahon ó n̄ m̄ga damit kaya, at kung pagkatapos nito'y masumpun̄gan sa salansan ang nawala ay hindi na pinag-uusig pa, n̄guni't kung hindi ay sinusubok sa alin man dito sa tatlong paraang sumusunod:

Páhiná 39

Una.—Dinádalá ang m̄ga pinaghihinalaan sa isang dakong malalim n̄ ilog na bawa't isa'y may daláng pangpigil sa ilalim n̄ tubig upáng kung pasisirin ay makapan̄guyapit na matagal sa ilalim, at sa ganito, ang unang lumitaw ay siyang inaaring may sala. Di umano'y namamatay ang iba sa pagkalunod dahil sa takot na siyang ariing may sala.

Ikalawa.—Naglalagay n̄ isang bató sa isang sisidlang may kumukulong tubig, saka ipinadadampot sa m̄ga pinagbibintan̄gan at ang umayaw ay siyang nagbabayad n̄ nánakaw.

Ikatlo.—Pinapagtatan̄gan ang m̄ga pinagbibintan̄gan n̄ tig-isang kandila na magkakasinlaki at magkakasinbigat, at kung sino ang unang mamatayan ay siyang inaaring nagnakaw.

Ang parusa namang inilapat sa nagnakaw kung ang ninakaw ay hindi lumalagpas sa halagang apat na putol na ginto ay ipinasasauli n̄ hukom ang ninakaw saka pinapagdadaagdag pa n̄ isang gayon. Kung higit sa apat na putol na ginto ay inaalipin. At kung isang kate na ginto ay nilalapatan n̄ parusang kamatayan ó kung dili ay inaapilin ang nagnakaw sampû n̄ asawa't m̄ga anák.

Di umano'y kaugalian din naman (marahil sa ibang balan̄gay) na sa unang pagnanakaw ay pinapagbabayad lamang n̄ isang gayon, sa ikalawa'y inaalipin at sa ikatlo ay pinapatay ó kung sakaling pinatatawad dito sa huling parusa ay kung inaalipin sampu n̄ asawa't m̄ga anák.—N̄guni't ang anák na hiwalay sa bahay niya ay hindi idinadamay sa pagkaalipin, dahil sa isipang hindi kaalam sa pagnanakaw.

Páhiná 40

Pagsásamá

Kung ang dalawang tao ay magsamá n̄ tiggayong halagá upang man̄galakal, at ang may hawak n̄ salapi ay maharang n̄ kampon sa di kasundong balan̄gay ay katungkulan n̄ kasamá na tubusin ang naharang; n̄guni't kung ang pagkapahamak ay kasalanan n̄ may hawak n̄ salapi ay kailan̄gang isauli ang salaping naparual ó kung dili ay n̄ m̄ga anák. At kung walang maibayad ay masasanlang pinakaalipin siya at ang kalahati n̄ kanyang m̄ga anák sa kasamáng dapat pagbayaran.



Pagmamanahan

Páhiná 41

Sa pagmamanahan ay hindi kailan̄gan ang testamento, kungdi sukat na ang pahimakas na bilin n̄ namatay sa kanino mang kaharap; sapagka't ang bilin n̄ magulang ay lubhang mahalagá, dahil sa kapanampalatayan na ang m̄ga kalulua n̄ kanilang nan̄gasirang magulang at kanunuan ay kasama rin nila sa sandaigdigang ito at siyang sa kanila'y nagpapaginhawa ó nagbibigay-hirap ayon sa asal nila (basahin ang paglilibing) ano pa't sa ganito'y hindi inuugali ang pagdadaya at pagsisinun̄galing.

Sa katungkulan.—Ang m̃ga anak lamang sa tunay na asawa ang nakapagmamana ñ katungkulan ñ magulang, ano pa't kung pañgulo sa isang balañgay ang magulang at mamatay ay ang pañganay sa m̃ga lalaki ang humahalili at kung patay na ay ang pañgalawa; ñuni't kung walang anak na lalaki ay m̃ga anák na babae ang humahalili ñ papagayon din, at kung sakaling walang anak ay kamag-anak na pinakamalapit ang nagmamana, na ani Rizal, ay siya ring kautusang pinanununtunan ñ m̃ga anak-hari sa España, Inglaterra, Austria at ibp.

Sa m̃ga tunay na anák ñ mag-asawa.—Ang tunay na magkakapatid sa ama't ina ay nagsisipagmana ñ magkakasindami, malibang ibigin ñ amá ó ñ iná na palamañgan ang sino man sa kanilang anak ñ dalawa ó tatlong putol na ginto ó ñ isang hiyás kaya. Kung ang isa sa m̃ga anák ay nag-asawa sa isang uring maginoo at dahil sa kalakhan ñ kanyang bigay-kayang ipinagkaloob ay makahigit sa mana kay sa kanyang m̃ga kapatid ay hindi ibinibilang ang kahigitang yaon; datapua't ang ano mang bagay na ibinigay ñ magulang sa kanino mang anák maging sa pañgañgailañgan ó hindi ay ibinibilang sa pagmamanahan.

Páhiná 42

Kung sa pagmamanahang ito ay may isang aliping nauukol sa lahat ñ magmamana ay binabahagi ang panahon ñ paglilingkod nito sa bawa't isa sa kanyang papañginoonin ayon sa pagkakasunduan nila. Kung sakaling hindi lubos ang pagkaalipin, kungdi kakalahati ó ikapat na bahagi lamang ang pagkaalipin ay pagbabayaran ñ m̃ga pañginoon ang paglilingkod niya sa panahon ñ kanyang kalayaan ayon sa kanyang pagkaalipin.

M̃ga anák sa una't hulíng asawa.—Kung ang sino man ay nakapag-asawang makalawa at kapua pinagkaroonan ñ anák ay nagmamana ang isa't isa sa m̃ga anák ñ ayon sa mana't bigay, kaya na ukol sa kanikanyang ina, at ang pag-aari ñ amá ay binabahagi sa lahat na walang palamang sa kanino man.

M̃ga anák sa tunay na asawa at m̃ga anák sa alipin.—Kung ang sino mang lalaki ay nagkaanak sa tunay na asawa at nagkánák pa sa alipin ay hindi nagmamana ang sa alipin; ñuni't ang aliping naanakan ay pinapagiging-laya at ang anák ay pinagkakalooban ñ miski ano, na kung maginoo halimbawa ang lalaki, ay isang putol na ginto ó isang alipin kaya.

Páhiná 43

M̃ga anák sa asawa at m̃ga anák sa babaeng kinakasama lamang.—Kung ang isang lalaki ay nagkaanak sa asawa at gayon din sa isang babaeng laya na hindi asawa ay hindi nagmamana ñ magkakasingdami ang m̃ga anák, kungdi ang dalawang ikatlong bahagi ñ tinatangkilik ñ amá ay iniukol sa m̃ga anák sa tunay na asawa at ang ikatlong bahagi ay sa m̃ga anák sa babaeng laya na kinakasama lamang at di tunay na asawa.

M̃ga anák sa di asawa.—Kung ang sino man ay walang anák sa tunay na asawa, kungdi sa babaeng kinasama lamang ay nañgagmamanang lahat ang m̃ga anák at kung sakaling may anák sa alipin ay pinagkakalooban lamang ñ ayon sa nabangit sa dakong una.

Kung walang kaanák-anák liban sa alipin lamang ay walang nagmamana, kungdi ang magulang ó nuno ó m̃ga kapatid ó m̃ga kamag-anak na malapit ñ namatay at ang ipinagkakaloob lamang sa m̃ga anák sa alipin ay ang gaya rin ñ nabangit na.

M̃ga anák sa kaãgulo.—Ang m̃ga anák sa kaãgulo ay hindi nagmamana ñ ano man at inaari pang masamang uri.^[8]

Páhiná 44

Sa Inaring Anak.—ang pag-aring anak sa iba ay totoong kaugalian at sa pagmamanahan ay nagmamana ñ ibayong halaga ayon sa ibinigay ñ ama ñ siya'y ipaaring anak: ano pa't kung ipinagbigay siya ñ isang putol na ginto ay magmamana siya ñ dalawang putol sa pagmamanahan.

Sa Bigay-kaya.

Ang nanunungkol ñ bigay-kaya ay ang lalaki at ito'y ayon sa kasunduan. Ang kasunduang ito ay karaniwang pinagkakayarian ñ m̃ga magulang mula sa pagkabata ñ m̃ga anak, at kung gayon ay katungkulan ñ m̃ga magulang ñ lalaki na ipagpauna ang kalahati ñ bigay-kaya na pinañgañganlang *kalabgayan* at pagdating ñ araw ñ pag-aasawa ay saka ibinibigay ang kalahating kabuoan na pinañgañganlan *bigay ó dahik*.

Ang bigay-kaya ay napapa sa magulang ñ babae. At ang babae sa kanilang pagkadalaga ay walang ano mang tinatangkilik at kahi ma't kumikita ay sa magulang din.

Páhiná 45

Ang kasunduang mulâ sa pagkabata at may páunang *kalabgayan* ay kinasasanghian kung minsan ñ ligalig, dahil sa kung lumaki ang m̃ga bata at umayaw ang sino man sa kanila ay inuusap ang magulang ñ umayaw dahil sa sapantahang siyang nag-udyok. Ñuni't kung patay na ang magulang ñ sino man ay nagsasaulian na lamang at hindi na nag-uusapin.

Kung ang sino man ay magsabi na ibig niyang mag-asawa, kay gayon at sa kaarawan ay umayaw ay pinarurusahan ñ mahigpit at kung mayaman ay sinasamsaman ñ malaking bahagi ñ yaman.

Sa Pakikiagulo

Ang salang makiagulo, palibhasa't sigalot sa sambahayan ay karaniwang sa matatanda isinasakdal, at ang karaniwang parusa na inihahatol naman n̄ matandá ay pagbayarin ang nakiagulong lalaki n̄ isang gayong halaga^[9] sa asawa n̄ babae na pinakapantakip sa nasirang dangal. At sa minsang nabayaran ay nagsasama uling tiwasay ang mag-asawa at nililimot na ang bagay na yaon, at pati anak ay hindi inaaring anak sa pakikiagulo.

Páhiná 46

Datapua't ang asawa n̄ isang pan̄gulo na magkasala n̄ pakikiagulo ay nilalapatan n̄ parusang kamatayan, at ang lalaking umagulo ay pinapatay kung mahuli ó kung nakataanan ay pinapagbayad n̄ isang gayong halaga.

Sa Paghihiwalay n̄ mag-asawa.

Sa m̄ga ganitong sigalot ay matatanda ang humahatol na kasama n̄ m̄ga kamag-anakan^[10] n̄ magasawang naghihiwalay.

Kung ang mag-asawa ay naghihiwalay ay hinahati ang kanilang kinita sa kanilang pagsasama, n̄guni't ang dating pag-aari bago nagsama ay hindi hinahati, kungdi dinadala n̄ isa't isa ang kanyang dati.

Kung ang babae ang humihiwalay sa asawa upang mag-asawa sa iba ay kailan̄gang isauli ang bigay-kaya at dagdagan n̄ isang gayon, na ang magsasauli nang nabangit na bigay-kaya ay ang magiging bagong asawa. N̄guni't kung humihiwalay lamang at hindi upang mag-asawa sa iba ay ang bigay-kaya lamang ang isinasauli.

Páhiná 47

Kung ang lalaki ang humiwalay, maging sa pag-aasawa sa iba ó hindi man at hindi kalooban n̄ babae ay walang matuid ang lalaki na bumawi n̄ bigay-kayang ibinigay niya ayon sa salaysay ni P. Colin; n̄guni't ani P. Placencia ay isinasauli ang kalahati n̄ bigay-kaya.

Kung ang mag-asawang naghihiwalay ay may anak ay napapa sa anák ang bigay-kaya at ang nag-iin̄gat nito ay ang m̄ga nuno kung buhay pa ó kung dili ay isang taong mapagkakatiwalaan. N̄guni't ani P. Aduarte ayon sa salaysay ni Rizal ay hindi na naghihiwalay ang magasawa kung may anak dahil sa paglingap sa anák.

Iba't ibang kapaslan̄gan.

Ang sumira n̄ puri n̄ isang anák na dalaga ó asawa n̄ isang maginoo ay nilalapatan n̄ parusang kamatayan.

Ang mahuling mangaway ó mangkulang ay kamatayan din ang parusan inilalapat. N̄guni't kung humin̄gi n̄ tawad ay pagkaalipin na lamang at kung may salapi ay maaaring magbayad n̄ isang gayon at huag maalipin, at kung gayon ay ibinibigay ang kalahati n̄ salapi sa ginawan n̄ masama at kalahati ay sa m̄ga hukom.

Páhiná 48

Ang panunun̄gayaw ay inaaring malaking sala lalonglalo na kung sa mayaman, sa matanda ó sa babae, at pinarurusahan n̄ isang gayong halaga ó kung dili ay pagkaalipin. At kung ang tinun̄gayaw ay pan̄gulo ó maginoo ay kamatayan ang parusang inilalapat, malibang patawarin na kung gayon ay pagkaalipin na lamang.

Ang tumin̄gin n̄ walang galang sa pan̄gulo at ibp. na gaya nito ay nilalapatan n̄ parusang pagkaalipin sa tanang buhay, n̄guni't di umano'y bihirang mangyari ito, dahil sa pinakakaingatang malabis n̄ m̄ga kampon.

Kung sa gabi ay pumasok ang sino man sa bahay n̄ isang pan̄gulo ó maginoo n̄ walang kapahintulutan ay nilalapatan n̄ parusang kamatayan, at karaniwa'y pinahihirapan muna, dahil sa baka sakaling ginagamit na tik-tik n̄ ibang pan̄gulo; at kung sakaling matunayan na sugong tik-tik ay nilalapatan n̄ parusang pagkaalipin at sa nagsugo ay kamatayan, malibang magbayad n̄ isang gayong timbang na ginto.

Ang di lubhang malaking pagkakaalitan ó pagmumungkahian sa isang nayon ay matatanda na lamang ang pinagsasakdalan n̄ nagkaalit at siyang humahatol ayon sa patotoo n̄ m̄ga saksi at alinsunod sa minanang kaugalian sa kanilang m̄ga kanunuan^[11], ang hatol naman n̄ matatandang ito ay lubhang pinakagagalang at ginaganap nila.

Páhiná 49

Pag-utusan̄gan.

Ang karaniwang palakad sa pag-utusan̄gan ay patubuan, kung ang may utang ay may tinatankilik na sasanlain ay inilalagak na sanla sa pinagkakautan̄gan ang kaláhati sampu n̄

pakinabang noon hangang hindi nakabayad ng utang. Kung walang ano mang tinatangkilik at sa katampatang panahon ay di makabayad ay nagiging alipin, at karaniwa'y sa tanang buhay dahil sa lakad ng tubo.

Pagbabayad ng Paratang.

Ang karaniwang kahatulan sa mga usapin ay pagbayarin. Ang pagbabayad ay ganito; na ang kalahati ng bukid at ng tanang tinatangkilik ay napapa sa panginoon, na tuloy paglilingkuran niya samantalang siya at ang kanyang mga anak ay pakain at padamit. Kung sakaling hindi makabayad sa kaukulang panahon ay nangagiging alipin; at di umano'y kung sakaling makabayad man ang ama ay sinisingil ng panginoon pati ng ipinakain at ipinadamit sa mga anak at kung walang maibayad ay nagiging alipin ang mga anak.

Kung ang nagkausaping nahatulang magbayad ay walang ibayad at ipagbayad ng isang kaibigan ay sa kaibigan nagbayad maglilingkod, datapua't hindi parang aliping sagigilir, kungdi parang aliping namamahay. Nguni't kung hindi maglilingkod ng ganito ay ipalalagay sa kanyang patubuan.

Pagcaalipin.

Ang sino mang mabihag sa balanngay na kaalit ay inaalipin.

Ang may utang na walang ikabayad ay inaalipin at di umano'y sa mga ganitong bagay ay anak ang karaniwang napapasanla na tumutubos sa magulang.

Inaalipin din ang lumabag sa isang pangulo o maginoo na gaya halimbawa ng magdaan sa silong o bukiran nila, o makasira ng ano mang pag-aari nila, o makatapon kaya ng ano mang dumi kung nagdaraan sila o magkasala ng ano man sa mga kabahay ng pangulo, at iba pa.

Ang mga anak ng talagang alipin na ay alipin din.

Ang mga anak ng amang laya at ng inang alipin ay nagiging alipin ang ikalawa, ikapat, ikaanim at ibp, at kung may labis na isa ay magiging gaya ng sa bugtong na anak.

Mga di lubos na alipin.

Ang bugtong na anak ng isang magulang na alipin at isa'y laya ay kalahati lamang ang pagkaalipin. Ang ganitong alipin ay naglilingkod ng salisihang buan sa makatuid baga'y isang buang ipinaglilingkod ang bahagi niyang laya.^[12]

Katungkulang ng alipin.

Ang aliping namamahay ay nakapagbabahay ng sarili, nguni't kailangang maglilingkod sa kanyang panginoon sa panahon ng paghahasik at pag-aani sa bukiran, gumaod sa sasakyan kung may paroroonan, tumulong sa pagtatayo ng bahay at maglilingkod sa bahay niya kung may panauhin.

Ang aliping sagigilir ay hindi nakabubukod ng bahay at may katungkulang gumawa ng ano mang ipagawa sa kanya ng panginoon sa tanang buhay niya.

Ang kalahati ang pagkaalipin ay naglilingkod ng salisihang buan. At sa buang ikinalalaya ay maaaring ipaghanap niya ng sa ganang kanyang sarili o kung sa panginoon din niya ay may matuid na maipakabig sa kanyang utang ang dapat niyang kitain sa panahon ng kanyang kalayaan na ipinaglilingkod niya. At ang halaga ay isinasan-ayon naman sa kanyang pagkaalipin kung namamahay o kung sagigilir.

Ang tatlong ikapat na bahagi ang pagkaalipin ay tatlong araw na naglilingkod sa panginoon at isa'y sa kanyang sarili. Ang asawa nito ay naglilingkod din sa kanyang panginoon ng kapara niya.

Ang ikapat na bahagi lamang ang pagkaalipin ay naglilingkod na isang araw sa panginoon at tatlo'y sa kanyang sarili.

Ang aliping namamana ng dalawa, tatlo o limang magkakapatid ay naglilingkod sa bawat isa sa kanila ng ayon sa panahong pinagkasunduan nila na ipaglilingkod sa bawat isa sa kanila. At kung sakaling hindi lubos ang pagkaalipin ay pagbabayaran ang kanyang paglilingkod sa panahon ng

Pagcalayà n̄g alipin.

Ang m̄ga aliping *sagigilir* at *namamahay* ay nakaaalis sa pagkaalipin kung nagbabayad sa pan̄ginoon n̄g katampatang halagá.

Ang halaga n̄g salaping dapat ibayad n̄g *aliping sagigilir* upáng maging *aliping namamahay* ay limang putol na ginto ó higit pa, at saká ang kalahati n̄g boong hiyas at pag-aaring tinatangkilik, at kung sakaling may lumabis na isang paliyok ó ban̄ga sa paghahati ay binabasag, at kung kumot ay hinahapak sa gitna; at upáng lubos na mawala sa pagkaalipin at maging *timawá* ó *maharlika* ay kailan̄gang magbayad n̄g sampung putol na ginto ó higit pa.

Ang paraan n̄g pagbabayad ay nag-aanyaya n̄g m̄ga tao ang alipin at sa harap n̄g pan̄ginoon at n̄g m̄ga kaibigan ay ginagawa ang pagbabayaran at iba pang kailan̄gan.

Páhiná 54

Di umano'y karaniwan ding ugali n̄g m̄ga Tagalog na sa oras n̄g kamatayan ay pinapagiging laya n̄g pan̄ginoon ang m̄ga anák n̄g m̄ga alipin na ipinan̄ganak sa kanyang bahay.

At gayon din na kung ang sino mang laya ay magkaanak sa kanyang aliping babae ay pinapagiging laya ang anák sampu n̄g alipin, na dili iba't siyang inugali ni Abraham kay Agar at kay Ismael.

[5]

Aní Rizal ay siyang lalong mabuti, dahil sa siyang nakapagpapayapa sa m̄ga tao, sapagkat, anya'y may higit na tibay ang ugali kay sa isang kautusang nasusulat ó nalilimbag, lubha pa't itong kautusang nasusulat ay naipananaksil n̄g m̄ga may kapangyarihan. Ang katibayan, anya n̄g isang kautusan ay wala sa pagkakalimbag sa isang dahon n̄g papel, kung di na sa pagkalimbag sa ulo n̄g magsisiganap, malaman mula sa pagkabata, maayon sa kaugalian at lalong lalo n̄g kailan̄gan na mátatag n̄g walang pagkabago. Ang Tagarito n̄gá, anyá, mula sa pagkabata ay nakatátanto n̄g kanilang m̄ga alamat namumuhay at lumalaki sa pan̄ganorin n̄g kanilang m̄ga kaugalian, at hindi gaya n̄gayon na nagtatatag n̄g m̄ga kautusan sa bayan na di man lamang nalalaman ó nauunawa at madalas pang binabago.

[6]

N̄guni't ani P. Placencia ayon sa salaysay ni Dr. T. H. Pardo de Tavera, kung may hilig sa kanino man ang pan̄gulo ay pumipili sa ibang balan̄gay n̄g mailalagay na pinakahukom at di umano'y may m̄ga kilalang gayong tao na humahatol n̄g walan hilig.

[7]

Aní Rizal, ay napagkikilalang may malabis na kasunduan kay sa digmaan dito sa pagkakaayon-ayon n̄g m̄ga tuntunin, at di malayó anyang, may isang malaking pagkakasunduan dito; sapagka't ang pinakapan̄gulo rito sa Maynilà, ay pinakapunong-hukbo n̄g Sultan sa Borneo. Anya'y may m̄ga kasulatan noong siglo XII na nagpapatotoo nito.

[8]

Ang ganitong asal sa sarisaring anak, ani Rizal, na ang m̄ga anak sa tunay na asawa ay nagsisipagmana n̄g magkakasindami; ang m̄ga anak sa babaeng kinasama ay nagmamana n̄g isang gayon; ang m̄ga anak sa alipin ay hindi pinamamanahan n̄g ano man, n̄guni't pinapagiging laya sampu n̄g kanilang Ina; at ang anak sa kaagulo ay inaaring masamang uri ay nagpapakilala n̄g taos na katalinuan at bait n̄g m̄ga dating Tagarito.

[9]

Ang dating ugaling ito n̄g m̄ga Tagarito, ani Rizal, ay inuugali n̄gayon n̄g maraming lupain sa Europa, at anya'y wari lalong mabuti't matuid kay sa awáyin ang umagulo na ang kadalasang nangyayari ay siya pang nalalagay sa katua.

[10]

Ani Rizal ay makapupong magaling kay sa kautusan n̄gayon n̄g m̄ga Frances at m̄ga Ingles, sapagka't anya'y wala nang iba pang magaling na humatol sa m̄ga sigalot n̄g sambahayan na gaya n̄g matatanda't m̄ga kamag-anakan nila na lubos nakatatalos n̄g kanilang pamumuhay.

[11]

Ito'y minagaling ni Rizal, dahil anya, tao rin sa kanikanyang umpok ang humahatol at sapagka't halal kapua n̄g nagkakasira ay sapat makabatid n̄g usap n̄g ugali at lubhang mabuti kay sa hukom (n̄gayon) na humahatol n̄g usap na di niya talos, at sa m̄ga taong ang kilos, pan̄gun̄gugali at wika ay gayon din. Dito n̄gá, ani Rizal, ay napagkikilala ang pagkaurong natin sa pagkakaroon natin n̄gayon n̄g lubhang maraming kautusan at pasiyang kung ano-ano, hangang sa kung minsan ay kailan̄gang magsakdal sa kataastaasang hukuman kung sakaling di nasiyahan sa hatol n̄g hukom, at ang m̄ga usapin ay nagluluat n̄g di ano lamang na inaabot tuloy n̄g m̄ga anak, apo at pinagkakailan̄ganang paggugulan n̄g lubhang maraming salapi n̄g naapi upang magtaglay n̄g kaukulang hatol.

Dito, ani Rizal, ay napagkikilala na ginaganap ang lubos na kaugaliang matuid sa mġa panġanoring malayo-pilipino, dahil sa isinasa isa't isa ang kaukulang matuid.



Ikapitong Pangkat.

Páhiná 55

Wikà

Dito sa Pilipinas na gaya rin sa lahat nġ lupain ay may maraming wika, palibhasa't "ang bilang nġ pagkakapangkatpangkat, nġ wika sa isang lupain" anang isang manunulat, "ay naaayon sa pagkakahagdanghagdan nġ katalinuan nġ bayánbayán." Nġuni't halos lahat nġ wika rito, maliban sa wikang *ita* ay kagyat na wikang *malayo*, at ayon sa sapantaha nġ halos lahat nġ mananalaysay ay pawang suplíng ang lahat na ito sa isang matandang wika.

Ito'y lubos na mapaniniwalaan at may mġa aklat at pangyayaring nagpapatotoo nito. Halimbawa sa aklat ni Padre Concepcion ay may nasasaysay, na "noong unang pumarito ang mġa kastila ay nagsipagsama nġ isang tagapagpaaninaw (ó interprete) na malayo at nákaunawaan nġ mġa tagarito." Ayon kay Padre Colin naman ay "may isang taga Kapangpanġan na nakarating sa Sumatra (isang lupaing malaya) at sumapit sa isang dako na kanyang kinaringan nġ kanyang sariling wika at siya'y nakisagot na parang siya'y ipinanġanak sa dakong yaon, anopa't tuloy sinabi sa kanya nġ isang matanda na kayo'y mġa inapó nġ mġa nagsialis dito noong unang dako na nanġamayan sa ibang lupain at di na namin nanġabalitaan (basahin ang Pinangalingan nġ Lahing Pilipino). At ako noong taong 1902 na naglalakbay na patunġo sa Melbourne ay nakipag-usap akong maminsanmisan sa mġa grumeteng malayo sa bapor at madalas na kami ay nagkakaunawaan sa kanilang wikang malayo at sa aking wikang tagalog na gaya rin nġ pagkakaunawaan nġ mġa portugés, kastila't italiano sa kanikanyang wika.

Páhiná 56

Datapua't sa mġa wikang pilipino ay ang tagalog at bisaya ang mġa pinakamalaganap. Ang dalawang ito ay masasabing magkapatid na wika sapagka't ang karamihan nġ salita ay magkapara at ang kaibahan nġ ibang mġa salita ay nasa dulo lamang, na pagkain sa tagalog ay *un* sa bisaya, gaya nġ *sulatin* ay *sulatin*, *kanin* ay *kanun*, *patayin* ay *patayun*. At sa dalawa pang ito ay ang wikang tagalog ang siyang lubhang kilala na ani Baron Willam von Humboldt ay "siyang pinakamayaman at pinakadalisay sa lahat nġ wikang *malayo polinesia*", at ani P. Chirino naman ay "ang luhang nakalugod at nakahalina sa akin ay ang wikang tagalog. At siya ko nġang sabi sa unang arzobispo at sa ibang matalinong tao na nálalaman sa wikang tagalog ang mġa kainaman nġ apat na pinakapanġulong wika, dito sa sandaigdigang na dili iba't ang hebreo, griego, latin at kastila: sa hebreo ay ang mġa kababalaghan at mġa malalalim na kahulugan; sa griego ay ang mġa artikulo at ang dali nġ pagbangit nġ ano mang nġalan, sa latin ay ang kayabunġa't karikitan; at sa kastila ay ang pagkamagalang, pagkamapagpitagan at pagkamapagbigay-loob." Siyang totoó sapagka't ang wikang tagalog ay isang wikang naipagbabadya nġ tanang soloobin at damdaming sumasapuso't isip nġ tao. Nariyan ang ating mġa awit, dalit, salawikain; ang ating mġa padalahan, novena't dasalan; ang ating komedia, dupluhan, panawagan at bugtunġan; ang ating kundiman at kumintang; ang ating mġa palabas-dulaan, mġa aklat, manġa pahayagan at iba't iba pang nagtatanghal nġ kayamanan nġ tinġig nġ wikang tagalog. Gayon din ang pagtula na sa wikang tagalog ay katutubo at lubhang mayamang gaya nġ wikang árabe, at malinaw nating namamalas sa mġa awit, salawikain at babasahin ang gawi't sadyang pananalitang tagalog na patula. Sa tulang tagalog nġa ay mapuno puno nġayon nġ mġa korrido ó awit ang ating mġa tindahan nġ aklat. At sa tulang tagalog ay sumilang ang mġa bantog na sina Francisco Baltazar G, Pilapil, at ibp.

Páhiná 57

Datapua't ang wikang tagalog, baga man mayaman at sagana sa tinġig ay haluan din na gaya nġ inglés at iba't ibang wika, palibhasa't galing sa kamalayahan, saka nakapamayanan nġ mġa tagá iba't ibang lupa: ano pa nġa't sa wikang tagalog (sampú sa ibang manġa wika rito) ay may nahahalaw na manġa salitang árabe, gaya nġ *utak*, *alak*, *paningkayad*, *lahi*, *taksil*, *libo*, *lasap*, *sipat*, *sulat*, *luhod*, *salamat*, *salawal*, *hukom*, *hiya*, *asawa* at ibp; may manġa salita ring sanscrito, gaya nġ *kastuli*, *halaga*, *kalapati*, *kuta*, *pana*, *sinta*, *kasubha*, *tinga*, *tumbaga*, *laksa*, *yuta* at ani Dr. Pardo de Tavera ay lahat nġ salitang may kahulugang katalinuan, kabaitan, damdamin, pamahiin, panġalan nġ mġa dios, nġ mġa tala, nġ bilang na may kataasan, nġ mġa halaman, nġ digma sampu nġ mġa bagaybagay at hanga nito at katapustapusan ay ang mġa panġalan nġ mġa titik nġ kamahala't pagkamaginoó, ang panġalan nġ ibang mġa hayop, nġ mġa kasangkapang pangawa at ang panġalan nġ mġa salapi. Ano pa nġa't ayon dito'y ating mapagbubulay na doon pa sa Malaya ay hiniram na nġ mġa tagarito sa mġa taga India ang mġa salitang iyan at marahil ay noong panahong ang kapangyarihan nġ India ay lumalaganap sa kamalayahan na siyang pinagbuhatan nġ mġa tagarito.

Páhiná 58

Bukod sa mġa salitang hiram sa árabe at sa sanscrito ay may hiram rin sa mġa insik, gaya nġ *susi, impo, chaa, pisaw, tinsem, sotanhon, mike, misua, pansit, bulang-lang, bihon, mangkok, suliaw*, at ibang mġa salitang kalakal-insik.

Gayon din ang kastila, na sapagka't namuno ritong malaong panahon ay nakapaghalo rin nġ mġa salitang tungkol sa pananampalataya, sa karununġan, sa kasangkapan at sa pagkain at ibapa, gaya nġ *Dios, Espiritu, Santo, Vírgen, manzanas, sapatos, kabayo, kumpisal, baso, misa, piso, tabako, parè, cura, pamalo, biguela, karwahe, tranvia, mantika*, at iba pa.

Sa mġa lupaing *malaya* ay di natin masabing may hiram sapagka't ang mġa tagarito ay malaya rin, at ito'y malinaw nating natutunayan sa pagkakahawig nġ mġa salita sa mġa salita nġ lahat nġ wikang malaya,^[13] gaya nġ mġa wika sa Java, Sasak, Makassar, Bugis, Bouton, Salayer, Tomere, Tomohon, Langowan, Ratahian, Belang, Tamawanko, Kema, Bantek, Menado, Bolang-Itam, Sanguir, Salibabo, Sula, Kaheli, Wayapo, Massaratty, Amblaw, Ternate, Tidore, Kaioa, Batchian, Gani, Sahoc, Galela, Liang, Morella, Batu-merah, Lariki, Saparua, Awaiya, Kamarian, Teluti, Ahtiago, Gah, Wahai, Goram, Matabello, Teor, Ke, Aru, Mysol, Dorey, Teto, Baikeno, Brissi, Sabu, Rotty Allor, Solor, Bajaw, at iba pa.

[13]

Basahin ang kay Alfred Russell Wallace na "The Malay Archipelago"

Ikawalong Pangkat.

Pagbasa't Pagsulat.

Tungkol dito sa pagbasa't pagsulat, ayon sa mġa mananalaysay, ay pawang marunong bumasa't sumulat ang mġa lalaki't babae rito.

Ang hitsura nġ surat ay surat-maláyo at di umano'y hanġo sa surat nġ mġa taga Arabia.

Ang sa tagalog ay may labing apat na konsonante na gaya nġ sa Árabe at nġ wikang pahlabi nġ mġa Persa noong Edad media; ang sa Pangasinan, Ilokano at Bisaya ay tiglalabing dalawa, at ang sa Kapangpanġan ay lálabing isa; nġuni't ang paraa't ayos ay magkakaisa, gaya nġ makikita sa sumusunod:

Sa Tagalog.

Ang mġa bokal ay tatatlo lamang na gaya rin nġ sa árabe dahil sa ang *e* at *i* ay iisa at gayon din ang *o* at *u*.



Ang mġa konsonante ay labing apat at kasama na nġ bawa't isa ang bokal. Ang bokal namang kasama ay nakikilala ayon sa tudlít na gaya rin nġ sa mġa árabe. Pagca walang tudlít ay *a* ang tinig, hlb.











Pagca may tudlít sa itaas ay *e* ó *i* ang tiníg, hlb.



Pagca may tudlít sa ibaba ay *o* ó *u* ang tiníg, hlb,

bo ó bu ko ó ku do ó du

bo ó bu ko ó ku do ó du

Kaya't cung ang isusulat ay bata ay,   ; kung bató ay   ; cung butó, ay   ; kung bati ay   at iba pa.

Ang ayos nã lahat ay ganito rin.















Ang may tudlit sa itaas ay *e ó ú* ang tiníg at ang tudlit sa ibaba ay *o ó u* na gaya rin nã sa Tagalog.

Sa Bulakan at Tundó. Ang sa Bulacan at Tundó ay may caonting caibahan sa Tagalog at itong sumusunod:

Mãga bokal:

  
a e ó i o ó u

Mãga konsonante:

      
ba ka da ga ha la ma
      
na nãga pa sa ta wa ya








Sa Kapangpangan.

Ito naman ang sa Kapangpanãan.

Mãga bokal.

  
a e ó i o ó u

Mãga consonante.













        
ba ka da ga la ma na nãga pa
sa ta

Sa Pangasinan.

Ang sa mãga taga Pangasinan ay ito naman. Mãga bokal:

  
a e ó i o ó u

Mãga konsonante:


           
ba ka da ga ha la ma na
pa sa ta wa

Ilokano.

Ang sumusunod naman ang sa Ilocano. Mġa bokal


a e ó i o ó u

Mġa konsonante:


ba ka da ga la ma na nġ
pa sa ta ya

Páhiná 64

Sa Bisayà.

Ito naman ang sa Bisaya.

Mġa bokal.


a e ó i o ó u

Mġa konsonante.


ba ka da ga ha la ma
na pa sa ta ya

Ang ayos nġa nġ lahat ay parapara na ang may tudlít sa itaas ay *e ó i* ang tinig, at ang may tudlít sa ibaba ay *o ó u*.

Ito ang ayos nġ pagsulat nġ mġa tagarito at sa ganito'y nagcacaunawaan at agad nailalaki nġ bumabasa ang letrang kulang at di umano'y nilalakipan din nġ mġa tanda na gaya halimbawa nġ || na aní Mass ay inaaring m, n, t at ibp.; ano pa't gaya rin nġ wicang *pahlabi* ó *pehlebi* nġ mġa persa noon Edad media.

Páhiná 65

Ang paraan naman nġ pagsulat nġ tagarito ay minumulan sa itaas na paibaba at pinasisimulan ang hanay sa dacong kaliwa at niwawakasan sa dacong kanan, na kaiba sa mġa insik at mġa hapón na minumulan sa kanan at niwawakasan sa caliwa.^[14]

Ang karaniwang sulatán ay kawayan ó mġa dahon nġ halaman na siya ring inugali nġ mġa taga ibang lupain nġ di pa natutuclasan ang paggawa nġ papel at ang panulat na ginagamit ay matulis na bakal ó patpat at di umano'y tinatawag na *sipol*. Ang mġa susulatín naman ay ang canilang mġa tula at awit na siya nilang gawí ó kung dili ay ginagamit sa pagtatala nġ bilang nġ canilang mġa hayop at mġa kalakal at gayon din sa pagsulat nġ liham.

Ang paraang ito nġ pagsulat nġ mġa tagarito ay agad napawì nġ masacop na nġ mġa castila, at noong taong 1705, ani Padre Totanes, ay totoó nġ mahirap macasumpong nġ tagaritong nacasusulat nġ gayon; nġuni't ani Dr. Borrow's ay gumagamit pa hangang nġgayon ang mġa Tagbanua sa Paragua nġ gayong pagsulat.

Páhiná 66

[14]

Tungkol dito sa ayos nġ pagsulat nġ mġa tagarito ay pinagkaroonan nġ iba't ibang isipan nġ mġa mananalaysay. Ani Marche ay pahalang, ani Jambaulo na nakikita mandin nġ kasulatan dito na malaong panahon bago ipinanġanak ang Panġinoóng Jesu-Kristo ay gaya rin nġ sabi ni Chirino na paibabang mula sa itaas, at ang sabi naman nina Colin at Esguerra ay patiwali sa nabangit, dahil sa anila'y paitaas na mula sa ibaba at ang pahalang ay inugali na lamang nġ dumating ang mġa taga España.



Icasiam na pangcat.

Páhiná 67

Asal at gawi

"Ang m̃ga tagarito"; ani P. Chirino. "ay hindi gaya ñg m̃ga insic at hapón na mapagsikotsikot sa canilang pagbati, gayon man ay may sariling bait at asal. Lalong lalo na ang m̃ga tagalog na sa salita at sa gawa ay m̃ga magalang at mapagbigay loob. Nagsigaya sa atin (sa kanila na m̃ga kastila) ñg pagbati na nag-aalis ñg putong na isang toalla ó diadema. Ugali rin na di tumatayo sa harap ñg m̃ga taong canilang iginagalang, kungdi nauupo sa lupa ñg di lubhang sayad na nag-aalis ñg takip sa ulo at ipinapatong ang putong sa kaliwang balikat saka nakikipag-usap sa nakatataas sa kanila. Ang pag-galang na inuugali sa pagpasok ó sa pagcacasalubong ay ang magpakayukod at iunat ang isa ó dalawang kamay sa mukha: iduop sa m̃ga p̃isñgi, at saka maupo ó maghintay kayang tanuñgin ñg ibig; inaaring masama ang magsalita, kung hindi tinatanong...."

Sayang at di nasiyasat ni P. Chirino ang dahil ñg m̃ga ganitong galaw, na marahil ay may catuturan. Sa India ay may isang bayan na cung magbatian ang m̃ga tao ay tumitigil muna saca, idinuduop ang camay sa tapat ñg pusò (na tahanan ñg damdamin), itinutuloy sa noo (na tahanan ñg isip) at itinitigil sa bibig (na tahanan ñg salita),—na ang ibig sabihin ay bago co salitain ang aking na sa *loob* ay akin munang *iisipin* saca co bubukhin sa *bibig*: at di malayong ang gayong pag-galang ñg m̃ga tagarito ay may cahulugan ding gaya naman ñg sa m̃ga taga Indiang yaon.

Páhiná 68

Di ñga caila na sa asal nakikintal ang pagcatao ñg tanang kinapal,—at ang bayang pilipino,—cung bagá ma't di siyang pinacasacdal ay di naman siyang pinacahamac. Marahil ay walang gasinong carunuñgan datapua't paraparang may sacdal na damdamin,—mapagpatuloy sa walang matuluyan, mapagbiyaya sa mahirap, at ito'y namamalas natin mula sa cayamanyamanan hangang sa carukharukhaan. Sa caibigan ay idinadamay ang buhay at sa isang pakitang loob ay iginaganti ang yaman.

Sa m̃ga gawain ay gayon din, at ani Morga'y: "ang m̃ga tagarito ay may mabubuting licás sa anomang hipuin, malilicsi't matatalino, bagá man maiinitin."

At sa paghahanap buhay ay di rin maliligtaan nino man ang cay Morgang salaysay na anya'y: "Ang gawa't hanap buhay ñg m̃ga tagarito (na babae) ay manahi ñg sarisari; gumawa ñg saya, humabi ñg sinulid, at mag-ayos ñg bahay ñg canicanyang asawa't magulang, magbayó ñg palay na bibigasin, at maghanda ñg bala na, mag-alaga ñg manoc at baboy at mang̃asiwa ñg bala na sa bahay, samantalang ang m̃ga lalaki naman, ay siyang sa pagbubukid, sa palaisdaan, sa pagdadagat at pañgañgaso." Ano pa't dito sa licás ñg canilang pamumuhay ay malinaw na natatanghal ang matuid na gampaning isinatao ñg Maycapal, na ang magang gawa ay sa babae sapagca't mahina at ang mabigat ay sa lalaki sapagca't malacas.

Páhiná 69

Sa acalá co, sa hangang dito ay sapat ñg makilala ang asal ñg tagarito sa canilang kilos at galaw, ñguni't hindi lamang ito. Sa wica man ay namamalas rin ang asal, palibhasa't siyang calulua ñg bayan: at sa *wicang tagalog* hangang ñgayo'y nababacas pa sa m̃ga batian ang tawag na *Ale*, mang ó mama (amain) Ginoó at iba pa na nagpapakilala ñg pagcamagalang; at gayon din ang tawag na *ka gaya* ñg *ka Maneng ka Biang* at iba pa na nagpapakilala ñg pagcacapatiran.

Sa catagang sabi ñga ay di asal gubat na gaya ñg sabi ñg ibang mananalaysay, cungdi isang ugaling mahal na tangkilikin ñg alin mang lupaing may inimloc na bait.



Icasampung Pangcat

Páhiná 70

Pagkakalakalan.

Ang pagkakalakalan dito na noon pang una'y laganap na bago natuklasan ito ñg m̃ga taga Europa ay isa sa m̃ga pinakamahalagang bahagi ñg kasaysayan ñg Pilipinas.

Kapagkaraka n̄ga, di umano, ay may m̄ga sadya n̄g pamiliha't tiyangihan ang m̄ga bayan-bayan at balabalan̄gay, lalong lalo na rito sa Kalusonan at Kabisayaan, ang m̄ga karaniwang kalakal ay bigás, palay, isda, kayo, almas, m̄ga bun̄ga n̄g kahoy, hiyas at iba't iba pang m̄ga kakainin kasangkapan at m̄ga kagamitan sa lupaing ito.

N̄guni't bukod sa m̄ga pagkakalakalang ito n̄g m̄ga tagarito ay may pakikipagkalakalan rin sa m̄ga kalapit lupain, lalong lalo na sa m̄ga taga Malaya na nagsisidayo rito: kaya't n̄g dumating rito sina Legaspi ay may isang sasakyan n̄g m̄ga morong malayo na totoo nilang nakalaban sa pulo n̄g Bohol, at anáng m̄ga nabihag (na m̄ga morong malayo) ay pan̄gan̄galakal ang kanilang ipinarito. At sa Cebu man ay may nakatagpo rin ang m̄ga kastila na sasakyang mula sa Siam na doo'y nakikipagkalakalan.

Sa China at Hapón ay di mapag-aalinlan̄gan na ang m̄ga tagarito ay may pakikipagkalakalan kapagkaraka dahil sa m̄ga kasangkapang insik na dito'y nan̄gasumpun̄gan noong una, saka maraming katunayan na sa atin ay nagpapatotoo, gaya n̄g sulat ni Legaspi kay Felipe II sa España, na anya'y: "Sa dako pa roon niring aming kinatitigilan ay may malalaking pulò na pinan̄gan̄ganlang Luzón, at Vindoro; na pinaparoonan taon-taon n̄g m̄ga insic at m̄ga hapón, upáng man̄galakal. Ang kanilang dala'y seda, lana, porselana, paban̄go, tansò, lata, m̄ga kàyong babarahin na may culay at iba pa. Sa pagbalic ay nagsisipag-uwi sila n̄g gintò at pagkit. Ang m̄ga tao sa dalawang pulong ito ay m̄ga moro at pagcabili n̄g m̄ga calacal n̄g m̄ga insic at m̄ga hapón ay kinacalacal naman sa iba't ibang pulò.

Páhiná 71

"Gayon din ang isang aklat n̄g m̄ga insic tungcol sa pagcacalacalan na sinulat ni Chau-lu-cua ó Chan Ju-cua na sa pagbangit n̄g tungcol sa m̄ga lupaing ito ay sinaysay na:

"Pagca ang m̄ga sasacyan n̄g man̄gan̄galacal (na insic) ay dumarating sa doon̄gang ito (dito sa Pilipinas) ay dumodoong sa isang dacong lual ... na inaaring tiangihan, at doon nan̄gan̄galacal n̄g m̄ga calacal n̄g lupain. Pagcadoong n̄g sasacyan ay inaalayan n̄g capitan ang m̄ga mandarin n̄g m̄ga puting payong. Ito naman ay ginaganti n̄g m̄ga man̄gan̄galacal upang sila'y pagpakitaan n̄g mabuting-loob n̄g ginoong ito. Ang m̄ga calacal n̄g lupaing ay pagkit na dilaw, sinulid, perlas, susò, (ó sigay marahil), m̄ga bun̄ga n̄g cahoy at cáyong yuta (na marahil ay sinamay ó huse ó pinya), ang calacal n̄g m̄ga insic ay porcelana, ginto, tinga m̄ga basong sarisaring culay, cawaling bacal at m̄ga carayom."

Páhiná 72

Ang paraan naman di umano, n̄g pan̄gan̄galacal n̄g m̄ga insic dito, anáng ibang m̄ga mananalaysay ay tinatambol ang canilang *gongs* pagdating upáng malaman n̄g m̄ga tagarito na may sasacyan n̄g calacal na dumating at agad naman sumasalubong ang m̄ga tagarito na sumasacay sa canilang m̄ga munting bangca.

Bucod sa nan̄gabangit na lupaing ay nan̄galacal rin dito marahil ang m̄ga taga iba't ibang lupain sa Asia, sapagca't noong siglong ica labing pito, ani P. Delgado, ay nakikipagcalacalan rito ang m̄ga taga Malabar, taga Koromandel, taga Bengala, taga Kambodhe, at marami pa.

Balican co uli ang m̄ga calacal ay di dapat ligtaan ang calacal na alipin na di umano'y dito napagkikilala ang yaman n̄g m̄ga tagarito na gaya rin marahil noong panahon nina Abrabam, na ang may pinacamaraming alipin ay siyang pinacamayaman. Ang pinacamalaking pamilihan sa calacal na ito ayon sa m̄ga casaysayan ay sa Butuan, (Mindanaw,) na doon nagdadala ang m̄ga taga Borneo, at taga iba't ibang lupaing calapit upang magbilí, hangang sa nagcamurang totoo, na noong 1573 ay ipinagbili rito sa Maynila, n̄g anim na piso't cahati lamang ang isá. At maraming sasacyan dito sa Luzón, anáng isang mananalaysay, ay dumadayo sa Butuan, upáng mamili, sapagca't bucod n̄ga sa m̄ga bihag n̄g m̄ga moro roon na ipinagbibili ay nagbibili rin, di umano, pati m̄ga insic at hapón n̄g m̄ga galing namán sa canicanilang lupain.

Páhiná 73

Gayon din ang calacal na sigay na isa sa m̄ga calacal na dinadayo rito n̄g m̄ga taga Siam, taga Kambodhe at m̄ga taga iba pang lupain dahil sa siyang pinacasalapi sa canicanilang lupain.

Bagay naman sa m̄ga mahalagang bató rito na ang iba'y kinacalacal n̄g m̄ga tagarito ay di co na bangitin dahil sa nan̄gan̄gailan̄gan n̄g totoong mahabang salaysay sa cayamanan n̄g lupaing ito sa m̄ga mahalagang bató.

Tungcol sa pagbabayaran ay hindi gumagamit n̄g salapi, cung di gintong durog ang itinitimbang na totoong macapal sa lupaing ito anang m̄ga mananalaysay. Ang pan̄galan n̄g m̄ga panimbang, ani Dr. Pardo de Tavera, ay pan̄galang insic gaya n̄g *tael* ó *tae* na nababahagi n̄g dalawang *tinga* at isang *tinga* ay may isang *sapaha* at isang *sapaha* ay pitong *sema* at ang caliitliitan, di umano, ay ang *sangasahe*; n̄guni't sa pagtimbang n̄g m̄ga calacal ay gumagamit n̄g *pikul*. At sa pagsucacat ay dangcal, sico at dipa ang inuugali. Sinasapantaha rin ni Dr P. de Tavera na dito'y nagcaroon n̄g m̄ga salaping galing sa India, dahil sa tawag na *salapi* na pan̄galan n̄g salapi sa India.

Páhiná 74



Sasakyang-tubig.

Ang m̃ga tagarito ay gaya rin ñg hapón at ibp. na nagkaroon ñg kanilang m̃ga sasakyan-tubig na ayon sa kanilang katha. Kung paano at saan nila pinag-aralang gawin ay di natin batid, bagá man sa akala ko'y sa kamalayahan Ang m̃ga sasakyang ito ay siya nilang ginamit sa pamamalakaya ñg isda sa pagtawid-tawid at pagkakalakalan at gayon din sa pakikidigma.

Tungkol sa m̃ga sasakyang ito, ani Morga, ay sarisaring hitsura. Ang iba'y m̃ga bankáng lulanán ñg kanilang m̃ga kalakal na m̃ga isinasadsad cung gabi sa m̃ga pasigan at baybayin, at ang iba sa m̃ga ito ay malakílalaki na iisahing layag at taganás na tablang pinapagduopduop. Ang m̃ga ito ang canilang ginagamit sa m̃ga ilog at bangbang na nañgaloloob sa lupain. Nagsisigamit din ñg m̃ga balañgay na malalaking sasacyan at matutuling patacbuhin magíng sa unahan at magíng sa hulihan at nacapaglululan ñg maraming mangagaod sa magcabicabilang panig at napatutulin ñg tulong ñg saguan, pangaod at tikin habang tinitimbañgan ñg iba sa magcabilang panig na tuloy tinutugmaan nilang lahat ñg m̃ga awit^[15] na siya nilang pinagcacaunawaan cung patatacbuhin ñg matulin ó ñg marahan. Sa ibabaw nito ay may isang lapag na nacatatakip sa m̃ga mangagaod. Ang lapag na ito ay matibay na nalalacaran ñg m̃ga taong pangdigma at nilululanan ñg ayon sa caya ñg sasacyan. Sa lapag na ito naglalagay ñg layag na pinapagtatibay sa dalawang cahoy ó cung may calac-han ang sasacyan ay pinapagtatulo ang cahoy ó cawayan at ang namamahala naman sa tuñgo ñg takbo ñg sasakyan ay sa hulihan lumalagay. Bukod dito'y may hinubugang balangkas na may atip na pawid at siyang ginagamit na pinakakarang kung umuulan ó sumisikat ang araw: anó pa,t, pawang nasisilong ang tanáng lulan. Ang magkabilang panig ñg sasakyan ay may katig na malalaking kawayan na duopduop na baga ma,t, sumasayad sa tubig ay dí nakababagal sa takbo at ito'y siyang tumitimbang na mabuti sa sasakyan at nakahahadlang tuloy sa pagkataob kung sakaling napúpunô ñg tubig. Ngunit may lalo páng malalaki na nakapaglululan ñg isang daang mangagod sa bawa't panig at sa ibabaw ay tatlong pung sundalong pandigma.^[16]

Páhiná 76

Páhiná 77

Sa m̃ga tagarito naman, dí umano, ay maraming marunong tumabas at gumawa ñg m̃ga sasakyang-tubig, na lalong lalo na sa Katanduanes na aní Morga ay magagaling na mangagawa ang m̃ga tagaroon na nañgakagágawa ñg malalaki,t matutulin na ipinagbibili nila sa m̃ga kalapit pulo. At saká dí umano'y nañgakagágawa rin ñg m̃ga huegong sasampuin at lalabing dalawahin na pinapagsususionsuson at pawang buong puno na pinag-ukáan lamang saka pinapahiran ñg alkitran.

[15]

Ani Colin ay m̃ga awit na kanilang isinasaulo at itinutugma na kanilang paggaod sa m̃ga sasakyan, at binabangit sa kanilang m̃ga pistaha't sayawan at sa lahat ñg gawaing pinagtutuluñgan. Ang binabangit, di umano, sa m̃ga pag-awit ay ang m̃ga kagilagilalás na pamumuhay ñg kanilang m̃ga Dios.

[16]

Ang m̃ga tagarito, ani Rizal, na di lubhang alañgan sa m̃ga taga Marianas tungkol sa pagdadagat ay dí lamang dí nasulong, kungdí naurong pa sa katalinuang ito, at kung baga man anya't ñgayo'y nakagágawa rito, ñg m̃ga sasakyang-tubig ay halos pawang kaanyo na ñg sa m̃ga taga Europa. At yaong m̃ga sasakyang nakapaglululan ñg isang daang mangagaod at tatlong pung sundalong pandigma ay naparam na; at ang m̃ga lupaing ito na noong unang dako ay nakagágawa ñg m̃ga sasakyang halos 2000 tonelada ay nañgañgailañgan na ñgayong sa m̃ga kalapit lupain magpagawa na gaya sa Hong-Kong upáng doon ibigay ang salaping kinukuha rito sa m̃ga mahirap.



Ikalabing dalawang pangkat.

Páhiná 78

Almás

Ang m̃ga almás na ginagamit ñg m̃ga tagarito, anáng m̃ga unang nakakita ay pana't bosóg, sibat, sungdang, sandata ó kris, talibong, kumpulan, baluti na suñgay ñg kalabaw na di umano'y sa Siam nangagaling at iba't iba pa na hangang ñgayo'y ginagamit ñg m̃ga moro at ñg m̃ga taong gubat. Nagsisigamit din ñg sarisaring kalasag at ñg m̃ga damit na cuero at iba pa na sa labanan ay makasangalang sa kanilang katawan.

Bukod dito'y nagsigamit ñg almás na nakapagpapahilagpos ñg maraming sibat, ñg m̃ga lantaka ó m̃ga munting kanyón: kaya ñg dumating rito di umano, ang m̃ga kastila ay nañgakasumpong dito sa Maynila, Kainta, Taytay at Lubang ñg m̃ga kuta na may m̃ga lantaka ó

munting kanyon.

At dito sa Maynila, anáng ibang m̃ga mananalaysay ay nagkaroon ñg pagawaan ñg kanyón at ñg pabubuan ñg pulburá, na di umano'y wari nasa pañgañgasiwa ñg isang portugés at ñg isang tagarito na nagñgañgalang Panday Pira.

Sa Kabisayaan ay wari gumamit din ñg m̃ga almás na ito, dahil sa isang sulat ni Legaspi sa hari tungkol sa m̃ga morong natuklasan sa Panay, na anya'y: "Itong m̃ga huli ay may m̃ga artillería (ó pagawaan at pabubuan ñg kanyón, baril at pulburá) na sila rin ang bumububô at gumágawa pati ñg m̃ga pulburá at ñg iba't ibang almás" saka niya sinundang "Ipinadadala ko po sa iyo iring dalawang almás na tanso na yari ñg m̃ga moro sa lupaing ito upáng paniwalaan po ñg iyong kamahalan ang katalinuan nila sa paggawa at pagbububô ñg m̃ga canyón."

Ani J.P. Sanger at ñg m̃ga kilalang mananalaysay ñgayon ay sa m̃ga insic at m̃ga moro marahil nañgatuto nito.



Ikalabingtatlong Pangkat.

Dating ugali tungcol sa Pag-aasawa.

Lahat ñg lupain ay may canicanyang caugalian sa pag-aasawa, at ang Pilipinas, palibhasa'y isang lupain, ay may sarili ring caugalian tungcol sa bagay na ito.

Sang-ayon sa ugaling ito cung nag-aasawa ang sinoman ay pinagsisicapan na ang maging asawa ay caangcan at cabalañgay, maliban sa lubhang malapit na camag-anac na ibinabawal.

Ang sino man ay hindi nacapag aasawa ñg hihigit sa isa, at cung sacaling may ibang kinacasama, ay pinañgañganlang *sandil*; datapwa't, sa Bisaya, palibhasa'y malapit sa Mindanaw, ay inuugali ñg iba ang asal ñg camorohan na nag-aasawa ñg dalawa ó tatlo, bucod pa sa m̃ga kinacasama.

Sa pag-aasawa naman ay kinaugalian na ang maginoo ay sa kapwa maginoo, ang timawa ay sa kapwa timawa at ang alipin ay sa kapwa alipin; ñguni't naghahalo-halo rin kung minsan, ano pa't mabuti (ani Rizal) kay sa dating ugali sa Roma at sa ibang lupain sa Kanluran ó Europa na ang may mababang uri ay hindi na naaaring makapag-asawa ó makalakip sa may mahal na uri.

Bago ipagdiwan ang pag-aasawa ay pinagkakayarian muna ang ipagkakaloob na *bigay-kaya* (dote) na sa Bisaya ay *bugey*.

Ang nagbibigay ñg *bigay-kaya*^[17] ó *bugey* ay ang lalaki,^[18] na hindi gaya sa Europa na babae ang nanunungkol nito^[19].

Pagkatapos na pagkayarian ang *bigay-kaya* ó *bugey* ay ipinagdiwan ang pag-aasawa. Ang pagdidiwan namang ito ay naaayon sa kalagayan ñg magaasawa.

Ang maginoo kung ibig mag-asawa sa kauri ay nagpapasugo ñg m̃ga maharlika ó timawa upang siyang lumakad ñg pag-aasawa niya. Bago yumaon ang m̃ga ito ay nagdadala ñg isang sibat, sibat ñg maginoong mag-aasawa, at pagdating sa bahay ñg magulang ñg kakaisahing-dibdib, ay isinasaksak ang sibat sa hagdanan na nilalakipan ñg pagdalañgin sa kanilang m̃ga diyos at m̃ga kanunuan upang sila'y kaliñgai't pagpalain sa kanilang pakay. Pagkatapos ñg pagkakasunduan ay ginaganap ang pagkakaloob ñg *bigay-kaya* na ang karaniwang halaga ay isang daang putol na ginto na maaaring palitan ñg m̃ga alipin ó m̃ga hiyas. Kung magkagayo'y sumasama ang babae sa pagparoon sa bahay ñg kanyang bibiyanin na pasan ñg isang lalaki at pagdating sa hagdanan ñg bahay ñg magiging asawa, ay nagpapakunwari munang ayaw pumanhik, at sa ganito'y sinasalubong ñg biyanan at pinañgañgakuan na pagkakalooban ñg isang alipin; kung makapanhik na, ay nagpapakunwa uli ñg hindi pagtuloy agad, hangang sa di muna pañgakuan ñg panibago, at gayon din sa pagpapakain at pagpapainom. Pagkatapos ñg m̃ga pagpapakunwang ito at pag nagkatabi na ang lalaki at ang babae, ay tumatayo ang isang matanda at sumisigaw na tumahimik ang lahat, saka sinasabing: *Si Gat Maitan ay nakikipag-isang-dibdib kay Dayang Matí; ñguni't kung kanyang pababayaan at hindi niya kakaliñgain, ay iiwan siya at di sasauli sa kanya ang "bigay-kaya", at si Dayang Matí ay mag-aasawa sa iba. Datapwa't kung si Dayang Matí naman ay masamang asal ay babawiin sa kanya ni Gat Maitan ang "bigay-kaya", iiwan siya at mag-aasawa sa ibang babae, saka pinasasaksihan sa m̃ga kaharap. Pagcatapos nito ay kumukuha ñg isang pingang kanin, lumalapit ang isang matandang babae at hinahawakan ang m̃ga kamay ñg m̃ga nag-iisang dibdib, na idinuduop muna sa tapat ñg puso saka pinapagkakamay at kung magkayo'y tinatagnan ang pingan ñg kanin at isinasabog sa lahat, saka sumisigaw ñg malakas ang matandang babae na tinutugon naman ñg gayon din ñg m̃ga kaharap at sa ganito'y mag-asawa na ang lalaki't babae.*

Ang timawa cung mag-aasawa sa capwa timawa ay di na nagdidiwan n̄ ganito, cundi pinaglalapit lamang, pinapagsasalo n̄ panġinoon sa isang lumbó, saca sumisigaw ang matandang babae at mag-asawa na.

At ang m̄ga alipin (sagigilir, marahil), palibhasa'y nanġamamanġinoon ay di na nagdidiwan n̄ ano pa man, cundi sucat na lamang sa pagcacasunduan ay mag-asawa na.

Sa Bisaya naman at gayon din sa ibang lalawigan n̄ catagalugan ay may ibang ugali. Mula sa pagcabata ay ipinakikipagkasundo n̄ magulang ang canyang anac, at sa ganito'y ipinagpapauna ang calahati n̄ *bigay-kaya* ó *bugey* na ipagcacaloob na ang tawag sa Bisaya ay *kalabgayan*. Datapwa't cung ang sino man sa magulang n̄ lalaki ó babae ay magkulang tungcol sa usapan ay pinarurusahan n̄ ayon sa utos at gayon din cung sacaling umayaw ang sino man sa m̄ga bata, dahil sa pagsapantahang ang magulan ang nag-udyoc ó humicayat. N̄guni't cung ang magulang ay patay na, ay nagsasaulian lamang n̄ ipinagpauna at di na naguusapin.

Páhiná 84

Inuugali rin ang sa paglilingcod ó sa pa ninilbihan na sa Bisaya'y tinatawag na *pangagar*, na ang lalaki ay naglilingcod sa magulang n̄ babae hangang sa gayong panahon, at ang cadahilanan n̄ ganitong paglilingcod ay upang mataroc ang ugali't asal n̄ lalaki cung mácacasundo, na siyang dating caugalian n̄ m̄ga Hebreo ó m̄ga taga Israel: caya't si Jacob ay naglingcod muna sa canyang biyanang cay Laban bago naging-asawa si Rakel.

Pagdating n̄ tadhanang panahon ó matapos cayang maibigay ang caganapang *bigay-kaya* na pinagcasunduan, na ang tawag nito sa Bisaya ay *ligay* ó *dahik*, ay ipinagdidiwan ang pagcacasal ó pag-aasawa sa ipinaghahanda pa't pinaggugugulan n̄ lalaki, ayon sa canyang caya't calagayan.

Páhiná 85

Datapua't bucod sa *bigay-kaya* ó *bugey*, na cabuonan n̄ *kalabgayan* at n̄ *ligay* ó *dahik*, ay tungculin n̄ lalaki na magcaloob nitong m̄ga sumusunod, na lahat ay pawang may canicanyang tawag ó panġalan: ang caloob na ibinibigay sa pagpanhic sa bahay n̄ biyanan ay pinanġanġanlang *pasaka*; ang ipinagcacaloob n̄ lalaki upang maca upong casiping n̄ cacaisahing-dibdib ay *patupar*; ang ipinagcacaloob sa biyanang babae dahil sa m̄ga puyat na dinanas at sa gatas na naipasuso sa panahon n̄ pag-aalaga, ay *himaraw* ó *himuraw* at sa tagalog ay *panghimuyat* (galing sa salitang pagpupuyat) at di umano'y ang karaniwang ipinagkakaloob ay halagang walong piso; ang ipinagkakaloob sa bumilang n̄ *kalabgayan* ó ipinagpauna n̄ *bigay-kaya* ay *binarian* at ito'y binibilang sa tugtog n̄ kampanang ginagamit at di tinitigilan ang tugtog hangang di matapos ang pagkakasal; ang ipinagkakaloob sa lumakad n̄ pag-aasawa ay *himukaw*; kung bao ang babae, ay pinagkakalooban din ang kapatid n̄ kinabauhan at pinanġanġanlan *himalo* ang kaloob na ito; ang ipinagkakaloob sa m̄ga alipin n̄ biyanan ay *pankol*; ang ipinagkakaloob sa natigatig sa bagay bagay n̄ pag-aasawa ay *pahinankol*; ang ipinagkakaloob upang maisama ang babae sa bahay n̄ lalaki ay *padara* ó *patabuk* kung sakaling itatawid pa ng ilog ang ipinagkakaloob, upang mahugasan ang m̄ga paa n̄ babae pagdating sa bahay ay *pamaú*; at ang ipinagkakaloob sa pag-aalis n̄ panyo sa ulo ay *patakas*. Ito'y sa Bisaya n̄guni't sa Tagalog man di umano ay ganito rin.

Páhiná 86

Kung sakaling malaki ang *bigay-kayang* ipinagkaloob n̄ lalaki ay pinagkakalooban naman n̄ biyanang kaniya ang anak n̄ tinatawag na *pasunod*, na dili iba't isang kuintas na ginto ó dalawa kayang alipin; at ani Colin ay isinasauli ang boong *bigay-kayang* ipinagkaloob kung maging masunurin ang manugang, at kung hindi ay binabahagi sa m̄ga dapat magmana; datapuwa't ani Delgado, ay patanaw-tao lamang na ipinamamalas sa m̄ga nagsidalo, dahil sa ang m̄ga yao'y hiram na isinasauli pagkatapos.

Sa pagdiriwang n̄ga pagkakasal ó pag-aasawa ay humaharap ang *katalona* ó *babaylona* na isang matandang babae na siyang tagapanġasiwa sa m̄ga ganitong bagay. Ang lalaki't babae ay nauupo sa dakong kinauukulan nilang upan ó kung dili ay sa kandugan n̄ isang matandang babaeng kamag-anak na siyang pinaká-iniina. Pinapagsasalo nito n̄ pagkain ang lalaki't babae sa isang pangan at sa pag-inom sa isang lumbo, at pagkakai't pagkainom ay hinihiling n̄ lalaki na maging asawa niya ang kanyang kaharap at pagpapaoo n̄ babae ay pinagpupurihanan n̄ m̄ga kaharap na saksi sa pagdiriwang yaon, saka binabasban n̄ tagapanġasiwa at tuloy binabati na sila nawa'y guminhawang lubos, magkaanak, magkalupain at magtaglay n̄ mahabang pamumuhay. Kung magkagayo'y sumasayaw na sinisibat ang isang baboy na handa na kapagkaraka at dito natatapos ang pagkakasal, saka naman ipinagdidiwan n̄ m̄ga inanyayahan na pinupuri ang bagong kasal na nanġagsasayaha't nanġaglalasingġan. Ang pagdiriwang ito ay hangang sa paglubog n̄ araw at ang iba'y tumatagal n̄ ilang araw ayon sa kalagaya't katungkulan n̄ ikinakasal.

Páhiná 87

Kung sakaling di nagkasundo ang lalaki't babae ay nagdadaos n̄ panibago at muling naghaharap n̄ isang baboy, na sa harap noo'y sumasayaw ang lalaki na may hawak na isang sibat, at habang sinisibat ang baboy ay nakikipanayam sa kanyang *diwata* ó *dios* at hinihiling na papagkaisahing lubos ang kanilang kalooban at sa gayo'y inaasahang ang lalaki't babae ay magkakasunod at mabubuhay na payapa.

Kung ang mag-asawa naman, sa kanilang pagsasama ay hindi magkaanak, ay tinutulutan n̄ babae na lumakip ang lalaki sa kanilang aliping babae na dati ring kaugalian n̄ m̄ga Hebreo at ito't ating natutunghan sa Banal na Kasulatan na tinulutan ni Rakel si Jakob na lumakip sa kanyang aliping kay Bala, dahil sa siya'y hindi mag-kaanak.

Páhiná 88

Tungkol sa m̄ga anak, ay ang anak lamang sa asawa ang kinikilalang anak sa kautusan at ang sa *sandil* ó babae ay hindi.

Kung nagkakaalit, ang mag-asawa ay naghihiwalay, at ang humahatol sa m̄ga ganitong

sigalot ay ang m̃ga kamag-anakan nila't ang m̃ga matatanda at ito, ani Rizal, ay lalong mabuti kay sa kautusan ñ m̃ga ingl̃s at ñ m̃ga frances tungkol sa paghihiwalay ñ mag-asawa, sapagka't sa m̃ga ganitong sigalot ñ m̃ga kabahay ay makapupong mabuting humatol ang m̃ga kamag-anaka't matatanda kay sa sino mang pantas at hukom, magpakadunong dunong man. Basahin ang Kaugalian Pinanununtunan sa kapaslaḡan at Sigalutan.

[17]

Ang *bigay-kayang* ito, ay sinapantaha ñ m̃ga manunulat na pagbili sa babae; ñguni't sa akala ko ay dahil sa di nila pagkabatid ñ kahulugan ñ salitang ito na dili iba't kaloob ó handog na ayon sa abot ñ nagdudulot at hindi bayad: kaya't kay Rizal, ang asawang tagalog ay hindi babaeng insik ó aliping mahometana na nabibili sa magulang ó sa *bazar* upang pagtamuhang lugod ñ asawa ó panḡinoon; at hindi rin babaeng taga Europa na sa pag-aasawa ay nawawala ang panḡalan, (kundi ang asawang tagalog ay malaya at pinakukundanḡanan, siyang sinasangunian ñ lalaki sa ibang gagawin; siya ring tagapag-inḡat ñ salapi at siyang nanḡanḡasiwa sa m̃ga anak na ang kalahati ay kanya ano pa ñga't ang bigay kayang ito ay hindi bayad, (ani Rizal) kungdi isang alaala sa pagod at puyat na ginugol ñ magulang sa pagpapalaki sa kanya.

[18]

Lalong mabuti, ani Rizal, na lalaki ang manungkol ñ pagkakaloob ñ *bigay-kaya* kay sa babae, dahil na sa ganitong paraan, ay hindi nagkakalalayo ang magmamagulang, samantalang sa Europa, kung magkaasawa ang lalaki ñ mayaman at magkasalapi ay nagkakalalayo na.

[19]

Matwid, ani Rizal, na ang babae ang pagkalooban ñ *bigay-kaya* (dote), sapagka't ang babaeng pilipina ay hindi isang pasan maging sa asawa at maging sa magulang, kundi tulong, at sa ganito'y kailanḡang alalahanin ñ ano mang kayang kaloob ang kanyang nilisang magulang sa pagkahiwalay niya. At ang gayon pa mang magulang na ñ babae ang tumatangap ñ *bigay-kaya* at hindi siyang nagkakaloob, ay namamalas pa rin ang malabis na kapanglawan, na kaiba sa Europa na wari ipinagmamadalian ñ magulang na ihiwalay ang anak na dalaga hangang sa lumalabas na katuwan hitsura kung minsan ang ina.

Bukod dito, ani Rizal din, kung nag-aasawa ang lalaki ay hindi nagtataglay ñ mabigat na pasan sa pag-aasawa, kundi bagkus nakakasumpong ñ kasama't katulong sa pag-aayos ñ kanyang pamumuhay kaya't ang babaeng pilipina ay hindi namamalakaya ñ asawa, kundi pumipili ñ kanyang ibig.



Ikalabing apat na Pangkat.

Páhiná 89

Dating Kaugalian Tungkol sa Paghihinḡalô, Paglilibing at Pagluluksâ.

Ang dating ugali ñ m̃ga Tagarito tungkol sa bagay na itó, ay hindi lubhang kaibá kay sa dating ugali ñ iba't ibang lahi at lupain.

PAGHIHINGALÔ:

Kun ang sino man ay may-sakit at naghi-hinḡalo ay nagdáraos ñ kanilang kaugalian, na ang gumaganap ay ang *katolona* ó *katalona* ó *babaylana*. Ang *katolona* ay siyang pinaka *paré* ó pinaka *pastor* na tagapanḡasiwa sa anomang pagdiriwán na kinaugaliang gawin. At ang *katolona*, kung dumádalo sa ganitong pagdiriwán, ay nagpuputong sa ulo ñ inikid na bulaclác, nagsusuót ñ canyang m̃ga hiyás, nagdadalá ñ canyang m̃ga gamit na casangcapang lalagyán ñ alác at canin at sa harap ñ isang baboy na buháy at nang m̃ga pagcaing nahahayin ay sumasayaw na dumadalanḡin sa *anito* ó *diwata* na kanilang pinapanḡinoon, at pagkatapos ay hinuhulaan kung ang may-sakit ay mamamatay ó hindi. Habang ginanagawa itó ñ *katolona* ay itinutugma ang canyang sayaw sa tugtog ñ isang campana saca humahawac ñ isang sibat na isinisibat sa baboy, at pagcamatay ay inilalagay sa pingan at inihahayin sa pinaka *alta* ó dambana na casabay ñ canin, saging, alác, at iba pang pagcain. Kung matapos ang m̃ga pagdalanḡin ito at ang maging hula ay gagaling ang may-sakit, sila'y nanḡagsasaya't at nagkakainan, naglalasinḡan at tulo'y inaawit ang m̃ga pagca bantog ñ m̃ga kanunuan ñ may-sakit, na siyang m̃ga *anito* ó *duratang* canilang dinadalanḡinan; ñguni't kun ang naging hula ay mamamatay, inaaliw ñ katolona ang may-sakit sampu ñ m̃ga pinagcacasactan, at sinasabing ibig ñ m̃ga *anito* na ang may-sakit ay macasama nila at macabilang. Sa ganito ay maginhawang namamatay, ang may-sakit, sanhi sa paniniwalang siya'y luluwalhati, sa cabilang buhay^[20] at gayon din ang m̃ga cabahay na sa pananalig na ang may-sakit ay luluwalhati, hindi na nanḡagtataglay ñ samá ñ

Páhiná 90

loob, kundi ang pagbibilin na cung siya'y mapasa caginhawahan sa cabilang buhay ay alalahanin sila at huag limutin, tuloy nagagsasaya, nagcacaina't nag-aawitan. Sa casayaha't pagcacainang ito, ang katolona ang cumacain n̄ pinacamabuting lamán n̄ baboy at n̄ iba pang m̄ga hayin[21]. Datapwa't kun ang pagsasayang ito ay abutin n̄ pagcalagot n̄ hininga n̄ may-sakit ay agad itinigil ang pagsasayá at ang nahahalili ay ang panaghuyan n̄ m̄ga cabahay dahil sa pagcalisan sa canila at ang ibang nakikinabang sa namatay dahil sa mawawaláng sila n̄ pagcacakitaán at di umano'y bumabayad pa n̄ ibang m̄ga tagapanaghoy.[22]

Páhiná 91

Pagkatapos na mataghuyan ay hinuhugasan[23] ang bangkay sa tugma n̄ isang mapanglaw na tugtugin na sinusuob n̄ m̄ga panuob na dagta n̄ m̄ga kahoy na di makapagpapabulok[24] at ang m̄ga ito'y nangatutuklasan sa m̄ga bundukin dito sa Pilipinas, saka binibihisan n̄ m̄ga pinakamainam na bihis, ayon sa kalagayan n̄ namatay na tuloy sinapatan. Ang m̄ga may kapangyarihan ay pinapaban̄guhan[25] bukod pa sa sinusuob at ginágamot[26] n̄ m̄ga gamot na di makapagpapabulok na pinakatatan̄gi ang katás n̄ aloe. Ginagamit din ang katás n̄ ikmo na ibinubuhos sa bibig anopa't, mapasok hangang sa tiyan, at sa ganito, n̄ makaraan ang malaong panahon ay maraming bangkay ang násumpun̄gang di pa bulok ó tunaw.

Páhiná 92

Matapos mapanan̄gisán at malapatan n̄ gamot na laban sa pagkatunaw ay isinisilid sa kabaong, datapwa't bago isilid ay ginagayakan at nilalagyan n̄ m̄ga putól-putól na gintô sa bibig at sa m̄ga mata[27]. Ang kabaong naman ay buong kahoy na may takip na lapat: anopa't, di masisimuyan n̄ han̄gin ang loob, at ang tabas at anyô ay parang munting bangka.

Pagkatapos n̄ lahat na ito ay inililibing at sa paglilibing ay walang ano mang paghahatiran ó kung sakali ma'y ang m̄ga kasambahay lamang ang nagsisisama; n̄guni't ani Colin, ay may m̄ga tagapanaghoy na nagsisipanan̄gis.

Páhiná 93

PAGLILIBING

Tungkol dito sa paglilibing ay iba ang sa m̄ga taga Bisaya at iba ang sa m̄ga taga Hulo at Mindanaw.

Ang m̄ga Tagalog ay naglilibing n̄ kanilang bangkay sa kanikanyang sariling bahay, na iniin̄gatang malaon sa m̄ga kaban ang m̄ga buto[28] at iiginagalang ang m̄ga bun̄go[29] na parang buhay at kaharap.

Ang m̄ga kabaong na ito ay inilalagay sa tatlong dako, ayon sa ibig at pasya n̄ namatay: sa itaas n̄ bahay na kasama n̄ m̄ga hiyas[30] ó sa ibaba kaya sa lapag ó kun dili ay sa silong na inilalagay sa hukay na di tabon at nababakuran, saka sinisipin̄gan n̄ isang baul na punô n̄ m̄ga pinakamaiging damit n̄ namatay at tuloy hinahainan n̄ sarisaring pagkain sa oras oras. Ang m̄ga lalaki ay sinisipin̄gan n̄ kanilang m̄ga kasakbatan at ang m̄ga babae ay n̄ kanilang kasangkapang pangawa.

Páhiná 94

Kung minsan ay inilalayo sa bahay at kung gayon ay nagsisiga sa silong at tuloy tinatanuran ang bahay dahil sa baka magbalik at kunin ang iba pang nan̄gatitira, n̄guni't ani Delgado ay dahil sa nilalapitan n̄ asuwang ó n̄ ibang hayop at sinisira ang kabaong hangang sa umalin̄gasaw at di tuloy main̄gatan.

Pagkatapos na mailibing ang bangkay ay nagdiriwang n̄ isang kasayahan sa ikatlong araw na ang tawag ani P. San Antonio, ay *tibaw* at sa bahay n̄ namatayan idinaraos[31]. Sa pagdiriwang n̄ kasayahang ito ay naglalagay sa pintuan n̄ bahay n̄ isang pasóng tubig upang mapaghugasan, n̄ isang banig na may abo upang mabakas ang m̄ga paa sa pagpasok; at sa dulang ay tinataan n̄ pinakapan̄gulong upuan ang namatay saka nagkakaina't naglalasin̄gan na tuloy inaawit ang pamumuhay at kagalin̄gan n̄ namatay, kung siya'y naging magaling na man̄gan̄gaso ó mamamalakaya ó sa ibang bagay kaya.

Páhiná 95

Ang m̄ga taga Bisaya naman ay karaniwang naglilibing sa m̄ga yun̄gib[32] n̄ m̄ga bundok at ang tabi n̄ libin̄gan ay hinahainan n̄ m̄ga pagkain at sinisipin̄gan n̄ kaban n̄ damit at kung lalaki ay sinisipin̄gan n̄ m̄ga kasakbatang ginagamit nila gaya n̄ sibat kalasag at ibp. tuloy pinababaunan n̄ m̄ga kambing baboy usa at ibp. at kung sakaling naging matapang at mabuting mangdidigma, ay sinasamahan n̄ aliping may sakbat; kung sakaling magdaragat ang m̄ga kasangkapan naman sa pagdaragat at sinasamahan kung minsan n̄ m̄ga mangagaod at m̄ga alipin[33] na kanyang makakatulong at ang tawag dito n̄ m̄ga taga Bisaya ay *bálon* na sa Tagalog ay *baon*; at kung babae naman ay m̄ga kagamitan n̄ babae ang isinisiping gaya n̄ m̄ga panghabi kayo at ibp.

Páhiná 96

Nagsisipaglibing din naman sa m̄ga batong burol[34] na malapit sa dagat at sa ibabaw n̄ isang malapad na bato sa Katbalogan ani Delgado ay nakita niya ang maraming kabaong at m̄ga bun̄go at buto. Ang m̄ga gayong dako na pinaglilibin̄gan ay lubhang pinagpipitaganan nila, dahil sa kapaniwalaang kung yao'y bangitin ó galawin ó lapastan̄ganin ay may mangyayari sa kanila na ang kanilang tawag ay *balin* ito'y dili iba't maging bato, ó magkasakit ó matamaan n̄ kidlat ó iba pang kapahamakan kaya: kaya't sa m̄ga dakong libin̄gan nila ay naglalagay n̄ bantay ó tanod upang huag daanan n̄ ano mang sasakyan at sino man ay huag magsalita n̄ kahit ano sa gayo't gayong panahon, dahil sa malaking kasalanan sa kanila ang lumabag sa gayong ugali.

Sa Hulo at Mindanaw naman ay iba; iniupo ang bangkay sa isang upuang maybutas pagkatapos ay nilalamnan ang katawan n̄ alkampor na isinisilid sa pamamag-itan n̄ isang panghihip na bungbóng na hinihipan sa bibig at sa ganitong paraan ay napananatili ang bangkay at di natutunaw. Matapos ito ay inililibing n̄ paupo[35] sa yun̄gib na kanilang ginagawa sa ilalim

Páhiná 97

n̄ lupa, saka hinahainan sa harap n̄ isang bungbong na tubig, isang pingang ikmo at n̄ iba't ibang pagkain pa, at niwawakasan sa pagdaraos n̄ kanilang kaugaliang pagdiriwán, na ani Delgado, ay naaáyon sa pananalig kay Mahoma at kay Pitágoras.

PAGLULUKSÁ

Tungkol naman sa pagluluksa, ani Chirino, ay nagdadamit n̄ itim ang m̄ga tagalog at hindi kumacain n̄ carne't isda, kundi kaunting gulay lamang, at ang tawag sa ganitong pagcuculasyón ay *sipa*; n̄uni't ani Delgado ay hindi kumacain n̄ canin, hangang sa di macabihag (n̄ kaaway marahil) at nagdadamit n̄ yantók na inikid na umaabot hangang sa bisig, at ang ipinagpapawing gutom lamang ay saging at kamote: ano pa't kung hindi makabihag ay nagluluwat n̄ hangang isang taón na nan̄gan̄alirang at nan̄gan̄ayayat tuloy, at ang tawag, anya, sa kaugaliang ito ay *maglahi*.

Ang m̄ga taga Bisaya kung nagluluksa ay nag-dadamit n̄ puti, saka nag-aahit n̄ buhok sa ulo at gayon din sa kilay na pinakatanda n̄ kanilang pagdaramdam.

Páhiná 98

Pagka pan̄gulo ang namatay ay tumatahimik ang bayan n̄ malaon ó ilang araw ayon sa kalagayan n̄ namatay, at sa boong panahong ito ay walang maririnig na pukpukan ó kain̄gay man sa alin mang bahay. At ang m̄ga tao sa pangpan̄gin ay naglalagay n̄ pinagcacakilanlang tanda upang huag daanan n̄ anomang sasakyán na ang lumabág sa ugaling itó ay nagdaranas n̄ maban̄jis na parusa.

Ang namatay sa digma ay ipinagdiriwán n̄ di kawasa sa kanilang m̄ga panaghoy at sa kanilang paghahandog n̄ m̄ga hayin na lubhang ipinagsasayá.

Ang namatay na pinagliluhan sa digma ó sa capayapaan ay ipinagluluksa n̄ malaon at hindi ipinag-aalis n̄ luksa hangang di maigantí. Ang pagganging itó ay ginaganap sa m̄ga pumatay, sa m̄ga kaaway at sa m̄ga taga ibang bayang di kaibigan.

Ang luksa naman n̄ m̄ga babae na pinan̄gan̄anláng *moratales* ay gaya rin n̄ sa m̄ga lalaki; n̄uni't hindi n̄ga lamang nangbibihag ó pumapatay man upang makakain n̄ canin, kundi nagsisisakay sa isang balan̄gay (bangka) na nilululanan n̄ saganang pagkain, saka nagsasama n̄ anim na lalaki na isa ang namimiloto, isa ang sumasaguan at isa ang tumitikin at tatlo pang matatapang na lalaki na may naipakita n̄ kagilasan. Ang m̄ga ito'y napasa sa ibang bayang kasundo nila na habang namamangka ay inaawit ang kanilang m̄ga katapan̄gan, ang kanilang m̄ga nabihag at napatay sa digma na itinutugma sa paggaod; at pagdating sa bayang pinaroroonan ay nakikipagsayaha't nakikipag-lasin̄gan doon at kung gayon ay inaalís ang kanilang m̄ga balabal na puti at ang kanilang m̄ga suot na yantok sa bisig at n̄galan̄gala saka kumakain n̄ kanin at nagsusuot uli n̄ m̄ga hiyas^[36].

Páhiná 99

[20]

Ito'y minasama n̄ m̄ga paring manunulat n̄uni't ani Rizal, ay matwid at si Cristo man anya, kaya naparito sa lupa ay upang magturo n̄ isang Religion n̄ pag-ibig at pag-asa na makaaaliw sa kahirapan n̄ nasa hirap, at sa ganito anya ay bakit pa paitin ang m̄ga huling oras n̄ pamumuhay, bakit papaghihirapin at papag-aalapapin ang isang kapatid sa gayong kakilakilabot na m̄ga sandali n̄ paglipat doon sa walang hangang bayan?

[21]

Hanggang dito, ani Rizal, ay napagkikilala na ang ganitong hanap buhay ay pinakikinabangan saan saan man.

[22]

Ang ugaling ito ay natutunghan pa natin sa m̄ga santong kasulatan na si Job ay isa sa nanganyaya n̄ m̄ga taga panaghoy at gayon din sa Kanaan at iba't iba pang lupain.

[23]

Hindi kakaunting aklat ang ating kababasahan n̄ ugaling ito na dating ginagawa n̄ m̄ga taga Persia, taga-Ejipto at ipa ba.

[24]

Itong ugaling pagsuob sa pagpapanatili sa bangkay na huwag matunaw ay lubhang matandang ugali na di malaman kung ito'y katutubong ugali sa Ejipto ó ating minana pa sa iba. Ang m̄ga taga Peru ay nag-ugali rin nito, datapwa't karaniwa'y di pa nilalagyan n̄ gamot at sa lupang maapog na lamang itinatapon.

[25]

Ang pagsuob at pagpapaban̄go sa bangkay ay lubhang matandang kaugalian at hindi lamang ang m̄ga dating Romano at Griego ang nag-ugali nito, kun di pati n̄ Hebreo na gaya n̄ ating nababasa sa paglilibing kay haring Asa.

[26]

Itong paggamot sa bangkay upang manatili at huag mabulok ay inugali rin n̄ maraming lupain at lalo na sa Ejipto, dahil kapaniwalaang ang kaluluwa'y nagbabalik uli at ani Simon Henry Gage, ay sinaysay ni Diodoro ang kapanaligang ito noong taong 484 bago nakatawang tao ang Pan̄jinoóng Jesucristo.

[27]

Anang iba ay dahil sa kapaniwalaan na kung mayaman ó may maraming baon ay sasalubunġing mabuti saan man dumating; at sa ibang lupain ay inugali rin ito upang maibili, di umano, nang pagkain at kung sakaling magdadagat ay maibayad sa sasakyán at sa ganito ay ating nababasa ang pagtawa ni Luciano sa kanyang mġa kalupain noong una, tungkol sa bangka at bayad ni Caronte na gaya rin nġ ginawa nina Hircano at Herodes sa libinġan ni David.

[28]

Ang pag-iinġat nġ mġa buto ó abo kaya na pinakaalala ay ugali nġ maraming bayan at sa akala ko ay upang madala nila saan sakaling magdadagat ay maibayad sa sasakyán at sa ganito ay ating nababasa ang pagtawa ni Luciano sa kanyang mġa kalupain noong una, tungkol sa bangka at bayad ni Caronte na gaya rin nġ ginawa nina Hircano at Herodes sa libinġan ni David.

[29]

Ani Rizal ay makapupong magaling na igalang ang mġa bunġo't butó nġ kanilang mġa magulang at kanunuan na siya nilang pinagkakautanġan nġ buhay, bait at nġ halos lahat, kay sa igalang ang buto't buhok (reliquia) nġ mġa di umano'y santo na di man lamang nila nakilala ó nakaulayaw at marahil ay di makaalala sa kanila kailan man.

[30]

Ito'y naaayon sa ugali nġ mġa dating taga Hebreo, Persa at India, at gayon din sa dakong kanluran nġ Arabia noong panahon ni Job na ang yama't hiyás sa libinġan ay marami pa kay sa na sa bahay nilá.

[31]

Ang ugaling ito ay ugali rin nġ iba't ibang lahi na, magpiging ó mag anyaya pagkatapos nġ paglilibing; at dito sa Pilipinas ay pinagtakhang malabis nġ mġa taga Europa at hangang sa tinatawanan kung minsan; datapua't ani Rizal, ay matwid gawin ang kasayahan yaon, dahil sa kapaniwalaan dito noon una na ang namatáy ay giginhawa. At nġayon, ani Rizal, bagá man napawi na ang kapaniwalaáang yaón at sinusunod pa rin ang dating ugali, ay wala nġ iba pang kahulugan, kundi ang kaugalian na lamang nġ mġa Tagarito na di maaring di aluki't handaan nġ umaaliw at umaambag sa namatayan, ay sinasapantaha nġ mġa taga Europa na isang piginġan. Ang katunayan, anya, na hindi piginġan ay hindi inaanyayahan ang wala sa bahay at ang nandoon naman ay hindi na pinipilit sa pagdulóg sa dulang na kung sa bagay ay ugali rito. Anya'y ang *pasiyam* sampu n ġ *katapusan* ay isang pakikipagsiyam nġ mġa kaibiga't kamag-anak sa kabahay nġ namatay, at ang mġa ito, palibhasa't nanġa sa bahay ay hinahandaan nġ kahit ano na siyang ugali; nġunit hindi piging ó paganyaya, sapagka't ang mġa Tagarito ay hindi nagaanyaya nġ *chaá* lamang sa anomang piginġan. Ang *catapusan* na pinakahuling araw nġ pagsisiyam, ay tila anyayahan na dahil sa higit na sa *chaá* at ang katunaya'y hapunan na nġa; dapatwa't ito'y sanhi nġ ugali nġ kalahatan dito na ang ano mang bagay ay niwawakasan nġ mainam, at sa ganito'y lalong sumasaya dahil sa siyang huling araw, at sapagka't ang Tagarito ay walang ugaling magwalang kibo na di paghandaan ang mġa panauhin ay sinapantaha ito nġ mġa taga ibang lupain an isang pistahan ó sáyahan.

[32]

Ang pag-iinġat nġ bangkay sa mġa yunġib at kung saan saan ay ugali nġ mġa taga Egipto, dahil sa kapaniwalaan nila na habang ang bangkay ay hindi natutunaw at habang kalakip nġ *ba* (ó káluluwa) at nġ *chu* (ó pag-iisip, ay boo ang pagkatao at hindi hinihiwalayan nġ *ka* na espíritung nananahanán sa libinġan at siyang sa tao ay "kumakalinġa: nagpapanatili, nakapagpapalinis, nakapagpapa galing at nakapagpapasaya" at di umano'y isang espíritung laging kasamasama nġ tao, at sa ganito'y pinakaiinġatan ang bangkay at ipinipili nġ mġa mapagtataguan.

[33]

Ani Colin ay nakita niya ang paglilibing sa isang panġulo sa Bohol na sinamahan nġ pitong pung alipin. Si P. Chirino ay may binangit din sa kanyang aklat na ganito.

[34]

Ang paglalagay nġ bangkay sa matataás na lugal ó dako at gayon din ang pagbibitin sa mġa punong kahoy ay inugali nġ ilang lahi noong una at marahil, ay upang mainġatang huwag malapa nġ hayop.

[35]

Itong ugaling maglibing nġ paupo ay dating kaugalian sa Hilagang América at di umano'y naging kaugalian din sa Timog nġ Bretania.

[36]

Sa akala ko ay sa Bisaya inuugali ito dahil sa ang luksa ay puti at marahil ay ginaganap ito pagkatapos na maiganti ang namatay kung sa digma namatay, ó kung pinagliluhan.



Dating Pagsamba't Pananampalataya n̄ m̄ga Tagarito.

Kung paanong ang m̄ga tagarito ay may dating sariling ayos n̄ pamamayan at pag-uugali ay may dati ring sariling religion ó ayos n̄ pagsamba't pananampalataya.

Ang pagsamba't pananampalatayang ito n̄ m̄ga Tagarito ay iba't iba, dahil dito sa Luzón ay may kaibahan at gayon din sa Bisaya at Mindanaw.

Ang religion dito sa Luzón ay ang pananampalataya sa Diyos na Maykapal at Lumikha n̄ boong sangsinukob na pinan̄gan̄lang *Bathala*^[37] n̄ m̄ga Tagarito.

Itong Diyos *Bathala* na kadakidakilaan at nasa kaitaas-itasaan ay hindi ipinagtatayo n̄ simbahan ó inaalayan man n̄ ano mang hayin^[38].

Ang Diyos *Bathala* ring ito ay mayroong maraming Tagapan̄gasiwa dito sa sandaigdigan na siyang nan̄gan̄gasiwa sa kanikanyang kinaroroonan. Ang m̄ga ito'y ang m̄ga pinan̄gan̄lang *anito* n̄ m̄ga Tagalog, na ang iba'y nan̄gan̄gasiwa sa m̄ga magsasaka, ang iba'y sa m̄ga magdadagat, ang iba'y sa m̄ga mandidigma, ang iba'y sa m̄ga sakit at ibp. Bawa't isa nito'y may kanikanyang pan̄galan at siyang m̄ga pinakapintakasi; kaya't ang kanilang pasintabi't hayin ay naririnig at námamalas sa lahat n̄ dako dahil sa ganang kanila'y may pintakasi saa't saan man, mapa sa kati't mapasa tubig at mapa sa lupa't, mapa sa lan̄git: anopa't ang sangsinukob sa ganang kanila ay puno n̄ m̄ga pintakasing anito nila.

Ang karamihan nitong m̄ga anitong pinipintakasi nila ay ang kanilang m̄ga kanunuan^[39] na lubha pa yaong nan̄abantog sa pamumuhay, dahil sa ayon sa kapanaligan n̄ m̄ga dating Tagarito ay napapa sa kaluwalhatian ang m̄ga namamatay.

Bukod dito sa m̄ga anitong nabangit ay kumikilala sa m̄ga larawang sarisaring hugis na kanilang iniin̄gatan sa kanikanilang bahay at gayon din sa m̄ga yun̄gib na pawang inaalayan n̄ m̄ga paban̄go, pagkain at m̄ga bun̄ga n̄ kahoy. Ang m̄ga hugis di umano n̄ m̄ga ito ay nan̄gakahalokikip ang m̄ga kamay at nan̄gapapatong ang m̄ga siko sa m̄ga tuhod (na marahil ay nan̄gakapaninkayad), kung minsa'y nan̄gadidiit ang m̄ga bisig sa m̄ga tagiliran at nan̄gapapatong ang m̄ga kamay sa puson ó kun dili ay nan̄gahabalokikip sa dibdib at ang kamay ay nan̄gapapatong sa m̄ga dakong itaas n̄ suso.

Nan̄gagsisisamba rin sa araw at buwan^[40] gaya n̄ m̄ga taga Asiria at sa m̄ga hayop at ibon na gaya n̄ m̄ga taga Egipto. Dito sa katagalugan di umano'y may sinasambang ibong^[41] kulay bughaw ó asul na pinan̄gan̄lang *Bathala* na dili iba't siyang pan̄galan n̄ Dios: at sa uwak na pinan̄gan̄lang *May-lupa* ó may-ari n̄ lupa ang ibig sabihin.

Ang mababan̄gis na hayop na gaya n̄ buwaya at iba pa ay kanilang iginagalang at pinagbibigyang pasintabi; n̄guni't di umano'y dahil sa takot at hindi sa anomang bagay, at sa ganito'y binabangit nila sa kanilang panunumpa na *lamunin ako n̄ buwaya kundi ko tuparin*: kaya't n̄ kumilala sa Pamahalaan n̄ España ang m̄ga pan̄gulo dito sa Maynila at Tundó noong taong 1571 ay nan̄gagsisumpa di umanong: *sila'y ilubog n̄ araw, at sila'y lamunin n̄ m̄ga buwaya at sila'y kapootan n̄ m̄ga babae kung magculang sa canilang pan̄gaco*. At upang mabigyan pa n̄ lubhang katibayan ang sumpang itó ay ginaganap ang tinatawag nilang *pasambahan*, na di umano'y nagsahaharap n̄ larawan n̄ isang malaking hayop, saca sinasabing *lamunin sila noon cung hindi sila tumupad n̄ canilang pan̄gaco*, at pagcatapos ay nagsisindi n̄ isang candila at saca muling nagsabi na *cung paanong nauupós ang candilang yaon ay gayon din mauupós ang magculang*. At sa ganito'y napagkikilala na ang canilang pagpapasintabi sa m̄ga hayop ay maipaparis sa pagpapasintabi n̄ taga Egipto sa m̄ga pinasisintabian naman nilang m̄ga hayop din.

Ang ibang malalaking bató sa m̄ga pangpan̄gin ay pinagbibigyán pasintabi na pinag-aalayan n̄ hayin cahi't ano, isang putol na tikín halimbawa. At dito sa ilog Pasig di umano'y may isang malaking bato na ayon sa naging capaniwalaan ay buwayang naging bató (marahil sa Guadalupe) at pinagbigyán din pasintabi n̄ m̄ga namamangka na inaalayan n̄ cahit ano hangang sa sinira di umano n̄ m̄ga pareng agustino ang batong yaon at tinirikan n̄ isang cruz, saca pinagtayuan n̄ isang munting simbahan na ipinatungcol cay San Nicolás.

Ang matatandang punong cahoy at lalong lalo na ang puno n̄ baliti^[42] ay pinagbibigyan ding pasintabi at sa ganang canila'y casalanan na pagisipang putulin, at ang dahil di umano'y siyang sinisilun̄gan at tinatahanan n̄ m̄ga anito^[43].

Ang m̄ga anitong nabangit (palibhasa'y hindi casinsacdal ni Bathala) ay siyang m̄ga ipinagtatayo n̄ m̄ga moog at bahay dalan̄ginan na canilang pinan̄gan̄lang *ulan̄go*. Ang m̄ga *ulan̄go* namang ito ay moog na cawayan ó torre na ani P. Chirino ay marikit ang pagcayari ayon sa caniyang nakita sa Taytay. Ang m̄ga *ulan̄gong* itó marahil ay hindi dalan̄ginang bayan, sapagca't di umano'y sa canicaniyang bahay ginaganap ang pagdalan̄gin, ó cung sacali man ay bihirang gamitin n̄ bayan.

Ang pagdalan̄gin ay idinaraos cailan ma't may cailan̄gan silang hilin̄gin sa anitong kinauuculang tawagan, na cung halimbawang sa pagcacasakit upang gumaling ó sa pagnanais na ang nasa hirap doon sa cabilang buhay ay mahan̄go at sa ibang bagay pa, ay ang m̄ga nuno nilang anito ang tinatawagan na di umano'y siyang m̄ga nacacaalám n̄ calagayan n̄

Páhiná 101

Páhiná 102

Páhiná 103

Páhiná 104

Páhiná 105

nanġandoon sa cabilang búhay at mġa sumasagót sa dalanġin nġ *catalona*, cung halimbawa namang sa pag-paroon sa digma ó sa pagsalakay at upang magwaġí ay ang hubog nġ lanġit ang dinadalanġinan na canilang pinanġanġanlang *bataubaw*; at gayon din sa iba't ibang dahilan. Bucod dito ay nagsisidalanġin sa Diyos *Inaginid* at sa Diyos *Amakawdak* na dinidiyos din nila at marahil ay sa ibang bagay naman.

Ang nanġanġasiwa sa pagdalanġin ó lumalagay na pinacaparê ó pinacapastor ay ang *catalona* na siyang nanunungcol nito. Ang paraan naman nġ panġanġasiwa ó pagdalanġin nitó ay mababasa sa *Dating caugalian tungcol sa Paghihinġaló* at gayon din sa «*Dating caugalian tungcol sa Pag-aasawa*» pati nġ canilang bihis at sangcap. Ang mġa katolonang, ito, ani Colin, ay mayayaman ano pa't nanánamit nġ maririkit at nag hihiyas nġ maiinam^[44].

Ang mġa *catalonang* ito, bucod sa siyang-tatawagin sa ganganitong cailanġan ay siya ring mġa sangunian sa bala na (na siyang mġa tinatawag natin marahil na *manghuhula* at gaya rin marahil nġ mġa astrologo^[45]) sa Egipto na siya namang dating sangunian nġ mġa tagaroon.

Páhiná 106

Tungcol sa capanampalatayahán bagay sa mġa caluluwa ay nanġananampalatayang may cabilang búhay na kinaroroonan nġ mġa caluluwa nġ namamatay, at naniniwala ring may ibang calagayan ang mabubuti at may iba ang masasama. Ang sa mabubuti ay pinanġanġanlang *caluwalhatian* at sa tula ay *ulugan* at ang sa masasama naman ay *solad* ó *casamaan*.

Doón sa *kaluwalhatian*, anila'y nacararating din ang nanġamamatay sa tabac, ang nanġásasacmal nġ buwaya at ang nanġamamatay sa lentic ó kidlat at di umano'y sa pamamagitan nġ bahag hari umaakya't na canilang pinanġanġanlang balanġaw.

Sa panġinġilin naman, ay hindi nanġinġinlin ang mġa tagarito, maliban cung ang mġa lalaki ay pasa digma, at cung ganito'y hindi gumagawa ang mġa babae sa boong panahóng yaon. At gayon din sa pitong araw nġ pagpapasimula nġ pamumunġa nġ mġa halamana't bukirán, na hindi bumabayo nġ palay at hindi rin nagpapasoc nġ taga ibang bayan, dahil sa di umano'y panahon nġ pagdalanġin sa Diyos upang pagcalooban sila nġ mabuting áni.

[37]

Itong salitang Bathala anáng maraming mairugin sa sarili natin wika ay hanġo sa Sanscrito at nábabasa sa isang aklát nġ ating calupaing manunulat na si G.P.A. Paterno, —sa dahong ica 36.

[38]

Ani Gat Rizal ay dahil sa inísip marahil nġ mġa Tagarito na ang Dios na Maycapal nġ sangsinucob ay hindi nanġanġailanġan nġ gayong tahanan ó nġ mġa pang-libang at pangpalupag-loob, dahil sa Siya'y laging matuid at pantás at hindi nagbabago dalá nġ canyang pagka Dios.

[39]

Ang mġa taga Grecia noóng una ay may ganito ring pananampalataya, na ang sandaigdigán ay punó nġ canilang mġa bantog na canunúan na pinipintacasi nila.

[40]

Ani Gat Rizal ay napagkikilalang may matuid sila sa pagsamba sa araw at buwan, sapagca't anya'y ¿ano't di sasambahin ang sagísag ng cagandahan, nġ cawalang hangan at nġ pagca Dios?—¿anong bagay sa isipan nġ tao ang hihigit pa sa araw tungcol sa casacdalan, sa cabutihan, sa cagandahan at hangang sa máihuhuwad sa cawalang hangan?—Sa buwan naman, anya'y napagmamalas na siyang aasawa nġ araw, siyang diosa at dahil dito'y sinasamba rin.

[41]

Tungcol dito sa ibong bughaw ó asul na binangit nġ ibang manunulat na anila'y pinanġanġanlang Bathala ay walang ganitong culay ani Rizal, cundi dilaw na siyang *culyawan* ó *cilyawan*, Marahil ani Rizal ay walang ganitóng ibon, at cung nagcaroón man ay maitutulad sa agila ni Jupiter, sa pavo real ni Juno, sa calapati ni Venus, ó sa ibat íbang ibong kinatha lamang sa isip, ano pa't mġa sagísag na caraníwang paghalintularan sa pagca Dios, nġ tanang tao. Ang ibon anyang ito na bughaw ó dilaw ay siya marahil na sagísag nġ Dios na Maycapal na pinanġanġanlang Bathala, at sapagca't hinahamac nġ mġa misionero ang ano mang di nila sinasampalatayanan ay pinagcamalán nila marahil, Anya'y maigagaya rin naman sa mġa Ita't Igulot na cung iya namang macakita nġ sagísag nġ Espiritu Santo ó nġ sa mġa Evangelista na calapati, toro, leon, atb, ay hindi malayong ibalita naman nġ mġa ito sa canilang mġa caibigan na ang mġa cristiano ay sumasamba sa calapati, sa toro sa leon at ibp. ayon sa pagcasagísag sa mġa yaon.

[42]

Ang puno nġ baliti rito ay isang maitutulad sa mġa puno *lotus* sa Egipto, China at India na pinacagagalang at pinakabigyang pasintabi nġ mġa tagaroon. At sa Indi di umano'y ang calasutse ang tinatawag na *lotus*.

[43]

Nġ mġa anito marahil na pinipintacasi nila sa parang at bukid.

[44]

Ani Rizal, ay napagkikitang saa't saan man ay pinakikinabanġan ang ganitong tungculin ó hanap-buhay.

Ikalabing anim na Pangcat.

Dating Pagsamba't Pananampalataya nġ mġa tagarito.

(Karugtong)

Sa pagsamba't pananampalataya sa Kalusunan; ay mapagmamalas nġ sino mang mapag-aral nġ iba't ibang reliġion na yao'y isang religiong haluán: at sapagka't hindi ang nasa ko rito'y saysayin ang dahil nġ pagkakahalohalong yaon, kundi isaysay lamang ang dating ugali nġ mġa Tagarito, ay ipatutuloy ko ang tungkol naman sa Kabisayaan.

Ang mġa taga Bisaya ay sumasampalataya rin nġ halos kagaya nġ mġa taga Luzón, dahil sa ganang kanila, ang Bathala nating lumalang nġ sangsinukob at lumikha nġ tanang kinapal ay kinikilala rin at kanilang pinamamagatang *Laon*.

Kumikilala rin sila sa mġa anito na sa kanila'y *diwata*, na dili iba,t ang kanila ring mġa kanunuan na pinipintakasi't tinatawagan sa bala nġ kailanġanin, maging sa kati't maging sa tubig, maging sa buhay na ito at maging sa kabila.

Nanġagsisikilala ring gaya ang mġa taga Luzón sa mġa larawang sarisaring hugis na iniinġatan sa bahay ó kung dili'y sa mġa yunġib na pawang inaalayan nġ pabanġo, pagkain at ibp. at dito sa kabisayaan (sa Sebú) nakakita nġ ganito si Pigafeta^[46] na anya'y nakadipa ang mġa kamay, nakabuka ang mġa hita at patiwariġ ang bali nġ mġa paa; ang mukha'y malaki at may apat na malaking nġipin na kasinglaki nġ mġa panġil nġ baboy-damó at nanġakukulayan^[47].

Sa araw at bwan naman ay nanġagsi sisamba rin na gaya sa Kalusunan: At dito nakita ni Pigafeta ang paraan nġ pagsamba sa araw, na anya'y ganito:

Sa pagpapasimula ay tumutugtog nġ ilang malaking tambol; saka naglalapit nġ tatlong pingan; na dalawa'y punó nġ kanin at nġ mais na nabibilot sa dahon, at may kasamang isdâ; at ang isa'y may káyong kambay at dalawang hidahon nġ palma Naglalalatag nġ kayong kambay sa lupa, sakâ lumalapit ang dalawang matandang babae na bawa't isa'y may tanġang pakakak. Pagkatapos ay nilalakaran ang kayong kambay na nalalatag at tuloy gumagalang sa araw, sakâ isinusuot nila ang nabangit na kayo. Kung magkagayon ay nagtatali nġ panyó sa ulo ang isa sa mġa ito na sa noo ibinubuhol na pinag sisikapan na magkaroon nġ dalawang parang sunġay at pagkatanġan nġ ibang panyô ay sumasayaw at humihihip nġ kanyang pakakak at tuloy gumagalang sa araw.

Ang isa namang matandang babae ay dumadampot nġ isang dahon nġ palma at gaya rin noong isa na sumasayaw at humihihip nġ kanyang pakakak. Ang pagsayaw nilang ito at paghihip nġ kanilang mġa pakakak ay nagluluat nġ kaonti at kanilang sinasabayan nġ pagsasaysay sa araw nġ sarisaring bagay.

Matapos ito ay binibitiwan nġ isang matandang babae ang panyô niyang hawak sa kamay at dinadampot ang dahon nġ palma at kapwa humihihip nġ kanilang pakakak at sumasayaw na matagal sa palibot nġ isang baboy na nakahanda sa lupa. Ang isa'y nagsasaysay na marahan sa araw at ang isa naman ang sumasagot. Ano pa't ang araw at ang dalawang matandang babae ay parang may pagkakaunawaan.

Pagkatapos naman nito ay dumadampot ang isang matandang babae nġ isang copang alak at iniaalay sa kanyang kasayawan, at habang ipinagpapatuloy nila ang kanilang pagsasaysay sa araw ay makaapat ó makalimang iniuukmang iinumang alak at habang ginagawa yaon ay iniwiwisik ang alak sa pusò nġ baboy. Kung matapos yaon ay binibitiwan ang kopa, at humahawak nġ isang sibat na kanyang pinaiikot sa kamay, habang sumasayaw at nagsasaysay at makaapat ó makalimang iniuukma ang sibat sa pusò nġ baboy; nġuni't sa katapustapusan ay isinisibat at pinapaglalagpaslagpasanan, saka binubunot ulí na tinatakpan ang sugat at tuloy binabalot nġ damo.

